P2: Which is good sa economy naten tiyaka sa media naten ang problema naman minsan kasi parang masiyado ng naglilean sa teleserye type na… di ko naman sinasabi huwag gayahin masiyado yung Korean or… ano meron naman kasing mga original before katulad ng sabihin naten yung "Pangako sayo" ganon kung natatandaan niyo… kung naabutan niyo pala yon original yun. Yung mga dati, which is drama pero kasi ahhh talagang susubaybayan siya ng mga tao kasi meron siyang ano eh, ahh napupulot na aral although ang problema naman don is parang ang lumalabas eh pag mayaman masama, pag mahirap mabait

IN: Hmm

P2: Dun sa mga teleserye before ah…

IN: Oo stereotype

P2: Pero… bukod don, okay naman siya. Tapos uhmmm, I think mas okay din yung mga indie film although kasi yung mga ending nila laging open ending kadalasan eh, pero tingin ko kasi dun kasi mga nagsisimula mga midya tapos ganda rin mag base din sila dun sa uhmmm mga film na to katulad ng mga luma, tapos pero di naman gayang gaya o kaya katulad ng uhm pwede ba akong magbanggit ng ano

IN: Ng ano po?

P2: Ng mga title no?

IN: Ah okay lang po, ano naman po to private lang yung

P2: Kasi yung sa uhmm… Ano ba yung nakita ko kanina yung Probinsyano? Napanood ko na to eh, yung kay FPJ noon. Tapos naging teleserye ni Coco diba?

IN: Opo, yung Probinsyano

P2: Ano siya eh, interesting siya nung una tapos parang nag paulit ulit na lang I think mas maganda kung… parang pag paubos na yung plot

IN: Tatapusin na ano?

P2: i-cut na, oo lagyan na ng magandang ending tapos kuha ulit ng bagong project para para saken lang ah, tas ayun lang tas ang tingin ko naman don regarding don sa ang topic ba is toxic masculinity no? ang tingin ko naman don hindi naman siya nagpoportray masiyado ng toxic masculinity tingin ko kasi don yung ano yun eh yung mga hh ahinaabuso yung asawa, o kaya yung binubugbog or sinisigawan verbally or emotionally which is hindi naman masiyadong nakikita don sa mga pelikulang nakita ko kanina?

IN: Hmm hmm

P2: Unlik-unless yung mga hindi ko nakita… na mga movie yun lang

IN: Yun lang po, thank you so much po

P2: Thank youuu!

Interviewer: Juan Miguel Enrique

Participant 3

Date of interview: 02/ 23/ 2024

[00:00:01]

IN: So participant number 3, so uhh yung pag aaral po na to uhh may kayo po bilang boluntaryo o participant may karapatan po kayo na mag withdraw sa pagsagot o tumanggi na na pag di na kayo komportable kung ayaw niyo man, uhh yung gagamitin naman na audio dito at mga sagot niyo hindi ipapakita ang inyong pangalan at hindi rin isasama ito sa report na makukuhang sagot uhh yung gagamitin rin dito sa mismong audio ay pang pag aaral lamang at hindi gagamitin sa kung ano man, so etong ano na section na to tanong ko lang po na kayo ay isang Pilipino, lalake, 30 hanggang 40 taon, nakatira sa Metro Manila, at nanonood ng kahit anong Pilipinong panlibangan o mga movies, uhh teleserye mga ganon. So… tanong ko po ah awa-- pamilyar po ba kayo sa salitang toxic masculinity?

P3: Toxic?

IN: Masculinity po.

P3: Oo

IN: Ay, pamilyar po kayo? So kilala niyo po ba tong mga actor na to at personalities na to?

P3: Hmmm, si Erap, Coco Martin, FPJ, at tiyaka siii… eto di pa gaano pamilyar sa kin to eh

IN: Okay lang po hehe

P3: eto si Rendon to eh

IN: Oho

P3: Eto siii Aga Muhlach,

IN: Okay ho

P3: Daniel Padilla, Cesar Montano, Jay Manalo, at tiyaka si Robin pati siii Ryan Agoncillo, si Phillip Salvador, Andrew E.

IN: Eh dito po sa mga pelikulang to or teleserye uhh alam niyo po ba to?

P3: Oo, mga old na pelikula na ano. MISTAH tiyaka Pakboys, alin HUGAS, tiyaka etonggg…

IN: Marami ka pang kakaining bigas?

P3: Yan Marami ka pang kakaining bigas… DOBOL TROBOL at tiyaka yung…

IN: Ay alam niyo po tong Die Beautiful?

P3: Di ko na ano yan…

IN: Etong next…

P3: Uhhh eto siyempre, Probinsyano yan eh… Kingpin! Lahat yan halos mga ano yan…

IN: So may tanong lang po ako

-Audio cut -

IN: So sa mga palabas na ipinakita ko, ano nga po ba nagustuhan niyo sa mga palabas na to? if meron man magbigay po kayo.

P3: Siyempre MISTAH, tiyaka yung Probinsyano…

IN: Bakit niyo po nagustuhan yung palabas

P3: Kasi may mga kwentong magaganda na uh… tulong sa atin sa mga reyalidad ng buhay

IN: Hmmm… eh paano naman po sa ano uh question number 2 anong mga ugali, kilos, at katangian ng mga karakter na nakita niyo po ang nagustuhan niyo don at hinahangaan niyo po?

P3: Yung mga anooo… Magandang asal yung mga tradisyonal na gawaing Pilipino.

IN: Mga katulad ng ano ser?

P3: Yung… mga simpleng bagay na ano ginagawa ng mga gawaing mga Pilipino, Makabayan.

IN: Sa mga ugali at uhh question number 3 mga ugali at kilos at katangian na nakita niyo sa karakter na to, ano ang mga maihahalintulad niyo po sa sarili niyo po?

P3: Siguro yung pagiging Pilipino, kasi Pilipino tayo

IN: Uhm… ano pong pwede niyo po bang madescribe kung ano yung pagiging Pilipino na nakikita niyo po?

P3: Uhh yung pagiging ano uhhh matulungin uh ano mapag kawang gawa at mga Gawain nateng mga Pilipino

IN: Question number 4 po uh tingin niyo ba sa mga karakter na nakita niyo po sa palabas na to, nirerepresenta po ba uh kung ano at paano dapat ang kilos at katangian ng isang lalake?

P3: Oh siyempre, natural lang po yon eh kasi bilang isang lalake…

IN: Ano pong mga ano yon uhh katangian or kilos yung masasabi niyo po na yun?

P3: Yung mga simplenggg ano pag gawain ng pag uh ano…mga simpleng bagay na pag kilos lalake at pagiging matikas at tiyaka ano uhhh ano tawag don? Yun lang.

IN: Sige lang okay lang po, uhh plano mo po bang ipagpatuloy ang pag suporta sa mga tauhan at mga palabas na ito.

P3: Siyempre, Pilipino tayo eh suportahan naten.

IN: Okay okay, like bakit niyo po ano susuportahan pa rin yung ano… bukod dun sa pagiging Pilipino naten kung may mabibigay po kayo?

P3: Siyempre yung… makakatulong din kasi siyempre matutulungan naten sila makakatulong din sakali kung ano parang ano lang din suportahan na lang din para ano… kasi siyempre may mga charity rin silang natutulungan at least pag sinuportahan naten baka sakaling lumago pa yung mga charity nila.

IN: Okay, thank you kuya ahh. Thank you po sobra, laking tulong po.

Interviewer: Juan Miguel Enrique

Participant 4

Date of interview: 04/23/2024

[00:00:01]

IN: Magandang araw, ako si Juan Miguel Enrique isang kolehiyong nasa third year na nag aaral sa ng multimedia arts sa mula sa Asia Pacific College na nagsasagawa ng thesis, ngayon para magawa ang proyektong ito naghahanap po ako ng boluntaryo para sa pag aaral na to. So sumagot ng tapat at tanong- ay sumagot ng tapat sa mga tanong hanggat maari walang mali at tama, walang mali at tamang sagot dito at ang gagamitin na mga datos lamang ay ako lang mang ay ang makaka access o makakarinig di ito ilalabas sa publiko at gagamitin lamang ang mga datos na makukuha sa audio na ito para sa research o pag aaral. May Karapatan ang boluntaryo tumanggi o tumigil sa pagsagot kapag sila ay hindi na komportable. Okay, so Magandang araw! So kinukumpirma ko sa seksyon na ito ay ikaw ay isang Pilipino?

P4: Oo

IN: Lalaki?

P4: Uhm uhm

IN: 30 hanggang 40 taon?

P4: Uhm hmm

IN: Nakatira sa Metro Manila?

P4: Oo

IN: Nanonood ng kahit anong Pilipinong panlibangan?

P4: Oo

IN: Mga palabas, movies, telebisyon? Okay, hindi na kailangan sabihin ang pangalan pero… uhh…So eto base sa mga litratong ipapakita ko ngayon, pamilyar ka ba sa mga sikat na actor at personalidad na nasa ibaba?

P4: Oo naman

IN: Pakibanggit ang pangalan ng taong pamilyar ka

P4: Bugoy na koykoy!

IN: Okay

P4: Fernando Poe, Coco, Duterte

IN: Okay

IN: Eto

P4: Aga Muhlach, Daniel Padilla

IN: Uhmm hmm

P4: Rendon Labrador (Labador), Cesar Montano

IN: Okay

P4: Jay Manalo, Robin Padilla, Phillip Salvador, Ryan Agoncillo

IN: Kilala mo tong mga to? yung

P4: Oo, Andrew E

IN: Okay, Salamat po

IN: Uhh… pamilyar ka ba sa mga palabas at telebisyon, pelikula, at teleserye, na nasa ibaba pakibanggit ng mga pelikula na pamilyar ka

P4: MISTAH

IN: Okay

P4: Marami pang kakaining bigas (Marami ka pang kakaining bigas)

IN: Okay

P4: DOBOL TROBOL

IN: Okay

P4: Probinsyano, Maging sino ka man,

IN: Okay

P4: Walang kokontra, Kingpin

IN: Alam mo tong mga to?

P4: Oo

IN: Okay, so ano mga nagustuhan mo sa mga gantong palabas? Magbigay ng maikling paliwanag.

P4: Yung action niya

IN: Tapos

P4: Yung true to life story ng MISTAH

IN: Okay

P4: Tiyaka ng Kingpin

IN: Okay

P4: Yung comedy naman dun sa uhhh DOBOL TROBOL

IN: Pwedeng magbigay ka ng uhhh detalye kung ano yung nakakatawa sa mga sa mga natatandaan mo?

P4: Hindi ko na napanood yan eh, yung true to life story yung MISTAH yung nakipag areglo yung mga sundalong Pilipino sa mga Muslim

IN: Okay, ano naman ang mga ugali, kilos, at katangian ng mga karakter na ito ang iyong nagustuhan o hinahangaan, yung mga taong nakita mo kanina ano yung mga---

P4: Yung angas nila

IN: Yung mga katangian nila… okay

P4: Dun sa Kingpin yung angas niii Jeorge Estregan bilang ano

IN: Okay

P4: Ganapan niyang ano, Asiong Salonga

IN: Uhm hmm, ano pa if meron pa

P4: Yung angas ni Robin sa MISTAH, tiyaka ng kapatid niya ni Rommel Padilla

IN: Uhmm hmm, ano pang mga katangian ito kung may mabibigay ka pa

P4: Yung pakikisama sa isa't isa

IN: Okay

P4: dun sa MISTAH, yung tulong tulong sila

IN: Uhm hmm

P4: Wala lahat sila namatay eh

IN: Uhmm hmm, may mga ugali, kilos, at katangian ba ng mga karakter na ito ang maihahalintulad mo sa iyong sarili?

P4: Ay walaaa, wala. Yung angas oo meron

IN: Okay, yung angas ano pa if may mabibigay ka pa?

P4: Wala na

IN: Okay, tingin mo ba ang mga karakter na ito nirerepresenta kung ano at paano dapat kumilos ang mga lalake?

P4: Oo naman, dun pa lang sa MISTAH eh yunggg pagiging matatapang nila eh buo ang loob ganon naman dapat tayong mga lalake eh buo ang loob, hindi tayo papadala sa takot, achoy ka pag takot ka diba? Uhhh sa angas kaya ayun.

IN: Ano pa? sa ibang palabas na namention mo?

P4: Dun sa MIS- sa Kingpin kasi puro gangs sabagay galing ako ng mga gang gang napasok ko rin yang mundo ng gang, kaya... alam ko rin yung galawan ng mga taong yan.

IN: Hmm, okay *inaudible* wala na?

P4: Wala na

IN: Okay, sa plano mo bang ipagpatuloy ang pagsuporta sa mga tau-tauhan at mga palabas na ito

P4: Oo naman, siyempre naman

IN: Kasi?

P4: Kahit balik balikan mo yan eh maganda kasi eh, may aral kang matututunan dun sa MISTAH.

IN: Uhhmm

P4: sa Kingpin naman wala naman ano eh kasi yung istorya lang ng Tondo yon eh

IN: Uh hmm

P4: Wala na, yun lang

IN: Okay po, salamat ho

P4: Salamat, sige

Interviewer: Juan Miguel Enrique

Participant 5

Date of interview: 04/23/2024

[00:00:01]

IN: Magandang araw! Ako si Juan Miguel Enrique isa akong third year college student nagsasagawa ng thesis mula sa Asia Pacific College uhh ginagawa ko tong thesis na to para maexplore ang persepsyon ng lalake dahil sa midya. Okay sooo, kinokompirma niyo po ba na kayo ay uhhh… sasagot ay sa pagsali sa pag aral na to?

P5: Oo

IN: Ahh ang boluntaryo po o kayo po ay may karapatan na magwithdraw o tumanggi sa pagsagot kapag kayo ay di na komportable kaya magsabi lang po kayo wala pong problema, uhm…yan eto po yung ano lang, kompirma. So, sa seksyon na to uhhh kinokompirma niyo po na kayo ay isang Pilipino?

P5: Oo

IN: Uhh lalake?

P5: Lalake

IN: 30 hanggang 40 taon?

P5: Oo

IN: Na nasa metro manila po?

P5: Oo

IN: Nanonood ng kahit anong Pilipinong panlibangan?

P5: Oo

IN: Or mga movies?

P5: Nanonood naman

IN: So ayan po… uhh pamilyar po ba kayo sa mga sikat na actor at personalidad na ito na nasa baba? Pakibanggit na lang po yung pangalan nila kung kilala niyo po.

P5: Duterte, Coco Martin, FPJ, Bugoy ba yan? Di ko kilala yan

IN: Okay po, so…eto po

P5: Ah Aga Muhlach, si Rendon, Cesar Montano, Daniel Padilla

IN: Okay thank you, next naman tayo

P5: Jay Manalo, Robin Padilla, Phillip Salvador, Ryan Agoncillo

IN: Okay po, thank you hehe. Thennn…

P5: Si Andrew E *inaudible*

IN: Okay so dito naman po sa susunod na ano pamilyar naman po ba kayo sa mga uh palabas telebisyon sa telebisyon, pelikula, teleserye?

P5: Oo

IN: Pakibanggit na lang rin po ulit *inaudible*
P5: MISTAH, Pakboys

IN: Okay uhhh, eto

P5: Hugas, Die Beautiful

IN: Okay

P5: Probinsyano

IN: Okay

P5: Walang Kokontra

IN: Okay

P5: Kingpin

IN: Okay po, thank you. Okay so may tanong lang po ako dito na ano about dun sa mga pinakita ko lang din po so, ano po nagustuhan niyo sa mga ganitong palabas uh bigay lang po kayo ng maikling paliwanag ganon

P5: Uhh enjoy lang palab-panoodin katulad ng MISTAH, yan uhh thrill ayos gandang giyera tiyaka yung pagiging ano, samahan nila

IN: Okay okay, uhhh ano pong mga ugali, or kilos,katangian ng mga karakter na nakita niyo po ang nagustuhan niyo po o hinahangaan niyo po ganon?

P5: Yung angas tiyaka pakikisama nila sa bawat isa

IN: Okay okay, uhhh may mga ugali po ba or kilos, katangian ng mga karakter na nakita ninyo ang maihahalintulad niyo po sa sarili niyo? If meron po?

P5: Siguro yung maangas hehe

IN: Maangas po? ah ano pa pong pwede niyong maano?

P5: Wala na, yun lang siguro

IN: Okay okay sige, uhh tingin niyo po ba yung mga karakter na ito nirerepresenta po ba nito yung kung ano dapat ang katangian or kilos ng mga lalake?

P5: Oo, oo naman

IN: Uhh bakit po?

P5: Yung pagiging maton lalake barako, barakong barako

IN: Okay okay, uhh plano niyo po bang ipagpatuloy ang pagsuporta sa mga tauhan at mga palabas na nakita niyo po?

P5: Oo naman,

IN: Uh bakit po?

P5: Idolo naten yang mga yan eh

IN: Pelikulang Pilipino?

P5: Pilipino, yon isa pa yon yun lang

IN: Okay, yun lang po. Thank you po! Maraming salamat

Interviewer: Juan Miguel Enrique

Participant 6

Date of interview: 04/25/2024

[00:00:01]

IN: Good day! Uhh Participant number 6, ako po si Juan Miguel Enrique isang kolehiyong nag aaral sa Asia Pacific College third year at sa ngayon sinasagawa ang aking thesis na… ineexplore or inaaral yung persepsyon ng lalake sa masculinity. So ayon po, ah yung may ang ang boluntaryo po ay may karapatan na tumanggi or bumack out kung sila ay di na komportable sa tanong na kanilang maisasagot or sasagutin uhmmm pero ang mga datos na magagamit at makukuha naman po dito ay sa akin lamang at para gagamitjn lamang para sa pag aral or research wala pong gagamitin dito yung walang ipupubliko o ilalabas po. So ayun po, sa seksyon po na ito kinukumpirma ko na kayo ay Pilipino

P6: Uhm hmm

IN: Lalake?

P6: Yes

IN: 30 hanggang 40 taon

P6: Yes

IN: Okay, nakatira sa Metro Manila

P6: Yes

IN: Okay, nanonood ng kahit anong Pilipinong panlibangan

P6: Oo

IN: Kahit ano po don, uh so ayon po. Pakita ko lang po dito pamilyar po ba kayo sa mga sikat na actor at personalidad na nandiyan po, pakibanggit na lang po ng pangalan if kilala niyo po.

P6: Si Duterte, Si Coco Martin, Si FPJ, sino to? si Bugoy? Ah di ko kilala yan

IN: *inaudible* Ah sige po okay lang po, wala pong pro

P6: Hindi kasi ako nagrarap eh kaya di ko siya kilala

IN: Wala pong problema, wala pong problema

P6: Siyempre si Aga Muhlach kilala ko yan, Rendon? Sikat yan dahil praning yan eh hehe. Cesar Montano yan yan, Daniel Padilla yan nakita ko na ng personal yan eh, sino to? Jay Manalo, Robin (Padilla), Phillip (Salvador), kilala ko yan mga napanood ko na yan eh *inaudible* mahilig manood eh Andrew E. siyempre yan kilala ko yan

IN: Sa…eto naman sa mga palabas naman po pamilyar po ba kayo diyan?

P6: Eto palabas, oo MISTAH yan napanood ko na yan. Ano to? Pakboys? Sino to? ah oo parang napanood ko na to. Ano to?

IN: “Marami ka pang kakaining bigas”, Eddie Garcia at si Rustom.

P6: Ah di ko yan napapanood

IN: Okay lang po walang problema

P6: Partial partial minsan kasi siyempre di mo naman mabubuo yung ano eh, ano to HUGAS?

IN: Uhm hmm

P6: Ah di ko alam yan, *inaudible*. Yang mga eto Die Beautiful di ko siya napanood ng buo kaya lang.

IN: Okay lang po

P6: Yan Dobol Trobol napanood ko yan mga comedy kasi yan. Sino to? Maging sino ka man yan maganda yan oo napanood ko na yan, yan Probinsyano sinusubaybayan ko yan, sino to? Walang ano?

IN: Walang kokontra

P6: Sino yon?

IN: Cesar Montano

P6: Ah di ko pa napanood yan, sino to?

IN: Manila Kingpin po, Asiong Salonga

P6: Ah ah, di kasi ako ano eh…gangster eh

IN: So may eto lang po yung mga tanong namen, limang tanong lang naman siya

P6: Sige

IN: Yon uhh, ano po mga nagustuhan niyo sa gantong palabas? Magbigay po kayo ng maikling paliwanag

P6: Ako siyempre, ano eh yung una action siyempre lahat naman ng mga Pilipino mahilig sa action pag FPJ yan diba? Ngayon si Coco Martin ang bida diba? Comedy siyempre ang mga Pilipino mahilig mag ano tumawa mahilig mag libang. Ano pa ba yon, di kasi ako mahilig sa rap eh.

IN: Okay lang po

P6: *inaudible* kaya ayaw ko ng ganong genre eh yon

IN: So, ano po yung mga ugali, kilos, at katangian ng mga karakter na napanood niyo po or mga personalidad na yun ang nagustuhan niyo o hinahangaan niyo?

P6: Yung… ano pa ba… yung kay Coco kasi diba ano? Yung kay Coco Martin ano tumutulong siya sa kapwa niya Pilipino. Yung ang Probinsyano diba marami siyang yung mga dating *inaudible* naging artista kinukuha niya yung sa… komediyante nagpapakita don yung ano eh, yung kahit gaano kahirap ang buhay kailangan mo pa rin ngumiti kailangan mo pa rin tumawa yun…

IN: Sooo, may mga ugali, kilos, at katangian ba ng mga karakter o personalidad ang maihahalintulad niyo po sa sarili ninyo?

P6: Yung ano, sa comedy… oo kasi minsan lang ako mag seryoso pag seryoso, seryoso talaga pero pag ano kasi minsan ano mahirap yung sobrang seryoso

IN: Oo nga eh

P6: Meron naman yung sobrang comedy yung dating, kaya dapat balanse lang no?

IN: Opo

P6: Balanse lang ang buhay, kailangan mo rin ngumiti di naman kailangan masiyadong seryoso sa buhay.

IN: So tingin niyo po ba yung mga karakter na nakita niyo po o personality uhm marerepresenta po ba nito or kung paano at ano dapat ang pagkilos ng isang lalake?

P6: Oo minsan kasi kung ano yung pinanonood niya yun yung ano eh… yung persepsyon niya sa buhay minsan ganon din sila eh diba yung pag yung gusto niya tumawa mga nakaka- com romcom, mga komediyante, mga diba tapos pag gusto mo mangarap yung mga fantasy and live ganon, malaking epekto yon kasi minsan yun yung nasasalamin sa ano mo eh sa pagkatao mo minsan eh kung ano yung gusto mong genre ng kan ng genre ng palabas at genre ng kanta kasi diba yun kung ano yung pag rapper ka siyempre, alam mo na yung gusto ko sab- hahaha

IN: So, uhh plano niyo po bang mag pagpatuloy ang pagsuporta sa mga tauhan at mga ng mga palabas na ito?

P6: Oo naman, support naten yungggg atin, diba? Kung sinusuportahan nga naten yung mga foreign edi diba dapat masuportahan din naten yung mga locals naten diba? Yun lang

IN: Yun lang po, thank you so much po!

Interviewer: Juan Miguel Enrique

Participant 7

Date of interview: 04/25/2024

[00:00:01]

IN: So participant number 7, so magandang araw po ako po si Juan Miguel Enrique, isang third-year multimedia arts student na nag aaral sa Asia Pacific College po, uh nagsasagawa po ako ngayon ng pag aaral or thesis na pinag aaralan yung persepsyon ng lalake sa midya o persepsyon ng lalaki sa masculinity, so anggg participant po o boluntaryo ay may karapatan po kayong iwithdraw ang sagot ninyo or tumanggi pag di na kayo komportable sa mga tanong uhmm ang mga gagamitin na datos o makukuhang sagot at yung audio na to ay ako lang ang may access at gagamitin lamang sa pag aaral wala pong ilalabas dito or anything so ayun po, dito po sa seksyon na to kinokompirma ko po kayo na ay isang lalake?

P7: Lala- Oo

IN: Pilipino?

P7: Pilipino

IN: 30 hanggang 40 years old yung age

P7: Oo 35

IN: Uhh nakatira sa Metro Manila?

P7: Yes oo

IN: Nanonood ng mga panlibangang ano uh nanonood ng mga Pilipinong panlibangan? Mga movies

P7: Oo

IN: TV shows

P7: Madalas madalas

IN: So, ayun po dito po sa mga pictures na ipapakita ko uh pabanggit na lang po ng pangalan kung pamilyar po kayo sa mga *inaudible*

P7: Si Rodrigo Duterte taong ano kinakatakutan ng Pilipinas ng mamamatay tao diba. Si Coco Martin yan si Coco Martin sikat na sikat yan, lalo na si ano FPJ FPJ idol ng ano yan, yan si Bugoy na Koykoy babaero yan tay tayo diyan babaero yan

IN: So dito naman po sa next page

P7: Nako po si Aga Muhlach idol ko yan, si Cesar Montano tiyaka si Daniel Pad- mga pakboy yan eh mga pak oh eto eto wala to vlogger to si Rendon Labador.

IN: Kilala niyo po?

P7: Oo kilala ko yan

IN: So eto naman po sa susunod na ano naten

P7: Oo Jay Manalo, oy idol ko din to si ano Robin Padilla, tiyaka Phillip Salvador kaya lang si Ryan Agoncillo sa ano ko lang napapanood yan eh saaa uhm Eat Bulaga.

IN: Eat Bulaga, so eto naman po sa susunod

P7: Andrew E. king rapper din yan

IN: Sa mga eto naman po sa mga pamilyar po ba kayo sa mga palabas o telebisyon na to? uh palabas sa telebisyon

P7: Oo, MISTAH oo yung sundalo, pinapanood ko yan idol ko yan eh Robin Padilla eh idol ko yan, tiyaka tong ano Pakboys (Pakboys Takusa) yunggg sila Dennis Padilla diba? Oo kasama nila

IN: Okay, so eto naman po sa ano

P7: Oo si ano si pangalan neto Eddie Garce- Eddie

IN: Garcia

P7: Garcia tiyaka si ano ngayon si ano na yan eh… si BB Gandang Hari! Oo tapos dito si eto di ko pa napapanood to eh yung *inaudible* eto napanood ko na to napanood ko na yan si Vic.

IN: Dobol trobol?

P7: Oo

IN: Okay so eto po sa

P7: Oo ayan tangina Robin Padilla tiyaka si ano si ano… Sharon Cuneta, Probinsyano, yan mga idol ko yan lalo na Asiong Salonga oh Kingpin ng Pilipi ng Manila Tondo diba?

IN: Eto po napanood niyo yung?

P7: Oo napanood ko na yan kay Cesar Montano (type kita…WALANG KOKONTRA) tiyaka sa

IN: Okay, so eto lang po yung mga tanong ko uhm, ano po yunggg nagustuhan niyo sa mga gantong palabas?

P7: Yung ano MISTAH maganda yung MISTAH eh

IN: Pero like ano po yung nagustuhan niyo

P7: Tiyaka…

IN: Yung napapanood niyo po ba? Yung mga linya? Yung actors?

P7: Linya ni ano ni Robin Padilla, oo mga linya niya yun yung mga ano naten eh mga gusto naten yung mga salitaan niya eh diba? Ayun yung ano naten

IN: So… ano po yung mga ugali, kilos, at katangian nung mga karakter na napanood niyo po sa mga palabas sa mga ano?

P7: Kanino?

IN: As long as nagustuhan niyo po, lahat po don in general na po yun like

P7: Yung kay Robin Padilla?

IN: Hindi lang po kay Robin, like sa mga napakita ko po kung may specific po kayo na nagustuhan na karakter talaga

P7: Kay Coco Martin, yung kay Coco Martin kasi idol ng tatay ko si FPJ eh, lahat ng palabas ni FPJ talagang pinapanood hanggang sa bata ako nakikita ko si FPJ talagang tatatak sa utak mo nung bata ka, FPJ diba? Matulungin diba? Makikita mo naman kapag ano matulungin diba? Sa mga

lahat ng palabas niya puro siya… bawal ngang pinapatay yan si FPJ sinusunog yung sinehan, oo kay FPJ ayun yung mga naano ko

IN: Uhh bukod pa po dun kila FPJ, may iba pa po ba dun sa mga karakter na napanood niyo na nagustuhan niyo yung ugali nila don? Base dun sa karakter na yon o sa personality nila?

P7: Nagustuhan? kay F, kay Cesar Montano yung ano niya eh yunggg para siyang si ano yung parang monggoloid siya na diba ano tawag dito pero magaling siyang bumaril tapos meron din siyang ano yung palabas na Mana Mananabas diba mananabas okay din yung mananabas, yung mga kaibigan niya na dati niyang kasamahan na naging kalaban niya diba? Pinatay niya.

IN: Uhh ano naman po uh may mga ugali po ba, or kilos, o katangian ng mga karakter na napanood niyo yung maihahalintulad niyo po yung sa sarili ninyo? Yung kaparehas po ng ugali niyo talaga or kilos

P7: Siguro yung lakad eh, tiyaka yung-

IN: Yung ano po sorry?

P7: Sa lakad

IN: Lakad?

P7: Lakad, lakad kasi idol ko si Robin Padilla eh mula nung ano ko eh idol ko talaga si Robin Padilla, pati yung mga mga nababanggit niyang ano minsan binabanggit ko rin yun ano eh pag kasama kame, “Langit ka! lupa ako eh! Di tayo magkaparehas!”

IN: Ah yung linya-

P7: Oo yung linyahan niya

IN: Kay Sharon po ata rin yan eh

P7: Oo, mga

IN: Tama tama yun yon, uhh tingin niyo po ba yung mga karakter na nakita niyo o napanood niyo nirerepresenta niya nirererepresenta po ba nito kung ano at paano dapat kumilos yung mga lalake?

P7: Oo kasi pinoy na pinoy ka kapagka makikita mo Robin Padilla makita mo pinoy na pinoy diba? Sa lakad pa lang angas ng katawan, tindigan diba? Maaano mo na talaga na pinoy na pinoy eh.

IN: Sooo plano niyo po bang ah ipagpatuloy ang pagsuporta sa mga tauhan na nakita ninyo at mga palabas na—

P7: Oo naman, lalo na kay Coco Martin ano tayo support tayo diyan pinoy ano yan eh diba? Yan talaga lagi kong pinanonood yan ngayon batang quiapo yan sa batang quiapo kasi mediyo maaano mo yung mga nangyayare sa buong ano diba yung mga

IN: Realistic, no?

P7: Oo, maaano mo talaga eh nangyayare talaga yon sa Pilipinas di lang sa Pilipinas yung mga naano diba, maaano mo talaga na ganon yung mga pinatay, yung holdapan, mga ano diba, mga ganon sindikato totoong nangyayare dito yon eh di lang talaga sa nangyayare talaga.

IN: Yun lang naman po uhh, thank you so much kuya

Interviewer: Juan Miguel Enrique

Participant 8

Date of interview: 04/26/2024

[00:00:01]

IN: So uh, Participant number 8 magandang araw po, ako si Juan Miguel Enrique nag aaral sa Asia Pacific College ng third year ng multimedia multimedia arts, uhm nag sasagawa ako ngayon ng aking thesis at ngayon kinokompirma niyo po na kayo ay mag paparticipate sa uhm pag aaral na ito?

P8: Yes, I confirm

IN: Okay po, then ayon anggg ang boluntaryo naten o participant ay may karapatan po kayo na uhhh tumanggi o mag withdraw sa mga sagot niyo if hindi na kayo komportable sa mga tanong and yung makukuhang mga datos dito ay gagamitin lamang sa pag aaral at ako lamang ang makaka access walang ipupubliko dito or anything o personal info na ilalagay, so ayun po. Dito sa seksyon na to uhh kinokonfirm po naten o kinukumpirma naten na kayo ay isang Pilipino?

P8: Yes

IN: Lalake?

P8: Yes

IN: 30 hanggang 40 taon

P8: Correct

IN: Okay, nakatira sa Metro Manila?

P8: Correct po

IN: Nanonood ng kahit anong Pilipinong panlibangan?

P8: Uhmm madalas pero nanonood din naman

IN: Okay okay, so ayan may papakita lang po akong mga litrato sainyo kung pamilyar po kayo sa mga sikat na actor at personalidad na nasa baba pakibanggit na lang yung pangalan nila if kilala niyo pag hindi okay lang rin lagpasan na lang

P8: Ah oo, eto si President Duterte yan kilala ko yan, Coco Martin yan specially Batang Quiapo fun, uh Bugoy na Koykoy rapper kilala ko yan pati si FPJ yan.

IN: Punta tayo dito

P8: Aga Muhlach kilala ko yan, Rendon? Yes isa sa mga ano yan eh influencer, Cesar Montano yan actor kilala ko tiyaka si Daniel Padilla

IN: Okay po, next

P8: Jay Manalo kilala ko yan, Robin Padilla, Phillip Salvador, at si Ryan Agoncillo

IN: Okay po

P8: Andrew E yes, I'm a fan of uhh his songs.

IN: Okay dito naman po sa next na seksyon, pamilyar po ba kayo sa mga palabas sa telebisyon, pelikula, at teleserye na nasa baba ganon din po pakibanggit na lang kung alam

P8: Okay, so eto MISTAH pinagbidahan ni Robin yes uhm magandang pelikula to napanood ko to bata pa ako neto eh sooo, next is Pakboys Takusa napanood ko rin to uhh

IN: Okay

P8: One time, maganda naman, next is eto kay Rustom "Marami ka pang…"

IN: Kakaining bigas

P8: "Kakaining bigas" napanood ko to maganda yan, pulis sila niyan eh

IN: Ah okay

P8: Goods yan, etong Hugas hindi ko pa to napapanood bago lang to sa ano paningin, Die Beautiful hindi ko siya napanood not a fan of, Dobol trobol eto napanood ko to kay Vic Sotto saka

IN: So dito po

P8: Ah eto napanood ko to, favorite ko to sa mga ano ni Robin

IN: Okay

P8: “Maging Sino Ka Man” okay yan, Probinsyano hindi ko hindi ako fan niyan before kasi napaka *inaudible* uhm Walang Kokontra hin- napanood ko na to dati yan maganda rin yan Cesar Montano, yan Asiong Salonga KINGPIN napanood ko rin yan

IN: Okay so, dito po next tayo move on na tayo sa tanong, sa tanong po naten is ano mga nagustuhan niyo po dun sa mga palabas na pinakita ko po sainyo or sa mga ganong palabas po in general

P8: Uh siyempre, action movie ano ba specific po ba to na?

IN: Kayo po bahala kung ano yung

P8: Yun maganda yung mga action film anddd yung comedy siyempre, I’m a fan of comedy film and action so yun yung mga genre na base dun sa binigay mo saken na film yun yung mas ano ko yung gusto ko na mga pelikula

IN: So ano yung mga ugali, kilos, at katangian ng mga karakter na na nakita niyo po ang nagustuhan niyo o hinahangaan niyo man, magbigay po kayo ng maikling paliwanag

P8: Siguro yung pagiging ano uh kapagka yung isang magandang katangian ay kapag kahit may problema they are still uhm kumbaga positive pa rin sila kumbaga nakakapag patawa pa rin diba and saaa pulis naman yung kay sa action naman siyempre maganda yung katangian na yung tumutulong ka sa community, no? kapag yung mga role is pulis so ayon yun yung magagandang katangian na nakita ko

IN: Oh meron pa ba?

P8: And okay lang yun lang lahat

IN: So may mga ugali, kilos, at katangian ba ng mga karakter na yun ang maihahalintulad mo po sa iyong sarili

P8: Siguro ako uhm pagka may problem ka you still need to uhm good vibes pa rin yung aking uhm body language no kasi yun pagiging resilience no kahit uhm maraming problems you have to be strong no, all the time. Yun lang.

IN: So tingin niyo po ba yung mga karakter na nakita niyo kanina or yung mga personalidad nirerepresenta po ba nito kung ano at paano dapat ang kilos ng mga lalake?

P8: Oo, uhm kasi diba ang lalake talaga dapat ano yan eh hindi kumbaga yung kilos nila hindi basta basta na uhm kumbaga dapat concscious tayo sa mga kinikilos naten bilang lalake kasi importante yun sa kumbaga kung pano tayo uhm ano ba to, papano tayo… tignan or ano baga kasi tayo yung gagawa kung paano uh kumbaga kung paano naten ipoportrait yung pagka lalake naten it depends on us. Sooo kung tayo ay yun nga uhmm concscious sa mga bagay bagay like

uhm yung halimbawa yung pagiging strong or yung pagiging matiis diba ayon so yung mga kilos na yun is uhm nagpoportait sating mga lalake so ayun.

IN: So plano niyo po bang ipagpatuloy yung pagsuporta sa mga tauhan at mga palabas na to?

P8: Yes, ako yung as of now yung kay Coco Martin yung nga yung Batang Quiapo uhm ano yon eh relate nakakarelate din yung lahat ng mga Pilipino na yon lalo yung mga gustong magbago diba uh from kumbaga di lahat ng criminal ay criminal na sila forever so yun uh and then sa buhay may mga aral na from the family na pwedeng mapulot no dun sa ano na yon TV series.

IN: Okay po, yun lang naman po. Maraming salamat

P8: Alrighttt

IN: Thank you.

Interviewer: Juan Miguel Enrique

Participant 9

Date of interview: 04/26/2024

[00:00:01]

IN: Uhm participant number 9 okay, so Magandang araw po ako si Juan Miguel Enrique, nag aaral sa Asia Pacific College kasalukuyang nasa third year at nagsasagawa ng aking thesis, so ayan po nangangailangan po ng boluntaryo at dito po kinokompirma niyo po ba na kayo ay sasali sa pag aaral na to.

P9: Oo Opo

IN: Ayun po uhm, ang boluntaryo o kayo po ay may karapatan na tumanggi orrr mag withdraw ng sagot kapag hindi na po kayo komportable, at yung mga datos o sagot na makukuha po naten dito sa recording ayyy ano sainy ako lang po makaka rinig or ako lang po ang may access bale hindi naman po ipupubliko to at pribado lang po tong ano at gagamitin lang sa pag aaral po, okay so sa seksyon po na ito uhh kinokompirma ko po na kayo ay isang Pilipino?

P9: Yes opo

IN: Okay po, kayo ay isang lalake?

P9: Siyempre naman

IN: 30 hanggang 40 taon?

P9: Yes 36

IN: Nakatira sa Metro Manila?

P9: Oo

IN: At nanonood ng kahit anong uhh Pilipinong panlibangan? O mga movies, teleserye, mga series?

P9: Oo naman

IN: Okay po, thank you. Uhhh so may papakita po akong mga pictures dito at sa mga pictures na po to sa uhh babanggitin niyo lang po yung pangalan nila if kilala niyo po sila if pamilyar kayo ganon, pamilyar po ba kayo sa mga sikat na actor at personalidad na nasa baba?

P9: Oo

IN: Uh pabanggit po yung mga pangalan na kilala niyo po

P9: Ayannn si dating presidente Rodrigo Duterte

IN: Okay,

P9: Si Coco Martin, Fernando Poe Jr, eto kasi si Bugoy na Koykoy di ko masiyado kilala eh, yan si Aga Muhlach uh huh, eto Rendon Labrador yan kilala ko yan.

IN: Okay po

P9: Cesar Montano, Daniel Padilla

IN: Thank you

P9: Yan Jay Manalo kilala ko yan, Robin Padilla senador, Phillip Salvador yan, Ryan Agoncillo

IN: Okay po

P9: Yan si Andrew E

IN: Okay po, so pamilyar po ba kayo sa mga palabas at telebisyon, pelikula, teleserye na nasa baba? Ganun din po uh pabanggit na lang po yung title ng palabas kung alam niyo po

P9: Yan yung MISTAH Robin Padilla napanood ko yan,

IN: Okay po

P9: Etong Pakboy Takusa di ko masiyado napanood eh di ko pa napapanood eh uh ayan napanood ko na to eh uh ayan tama napanood ko na yan Marami Ka Pang Kakaining Bigas, ayan Hugas si ano, eto hindi ko pa napapanood yang Die Beautiful eh, eto Dobol Trobol yan napanood ko yan.

IN: So, next po is

P9: Yan Maging sino ka man, tapos etong probinsyano ni ano Coco Martin yan napan, yan type kita walang kokontra, yan tiyaka Manila KINGPIN napanood ko yan.

IN: Okay ho, so may tanong lang po ako dito sa regarding dun sa mga pinakita ko lang rin po, ano po yung mga nagustuhan niyo po sa mga gantong palabas po magbigay po kayo ng maikling paliwanag

P9: Sa mga palabas? Gaya ng Manila KINGPIN mga true to life story siyempre mahilig tayo manood ng mga ganong movie mga ano, FPJ probinsyano alam mo yun mga aksyon na ano eh mga napapanood naten uhhh sino pa ba… yun lang hehe

IN: Okay po, so anong mga uga anong mga ugali, kilos, at katangian ng mga karakter na yon ang inyong nagustuhan o hinahangaan?

P9: Sa mga ano, kagaya ng mga ano dekalidad na pelikula yung mga de kalibre nila ng pag akting yun mga nagustuhan ko sa ganon siyempre, siyempre nagbibigay saya sa mga manonood bilang manonood nagbibigay saya saken yan, tapos uhhh yung aksyon maganda din yung makatotohanan talaga ang ano eh diba yung mga aksyon na pinalalabas tapos yung dobol trobol siyempre yung kay ano eh nagbibigay ng komediya tawanan siyempre nagbibigay sa mga nanonood talaga kagaya ko.

IN: So, may mga ugali, kilos, at katangian ba ng mga karakter na yon ang maihahalintulad niyo po sainyong sarili?

P9: Sa akin? Ano ba maihahalintulad ko ayon sabi ko sa komediya siguro ma minsan nakakapag patawa ako ng tao uhh parang kengkoy kengkoy ganiyan, yun lang

IN: Tingin niyo po ba ang mga karakter na o personalidad na nakita niyo po uhhh nirerepresenta po ba neto kung ano o paano dapat kumilos ang mga lalake?

P9: Panong nirerepresenta?

IN: Yung characteristics po nila, ugali nila

P9: De kasi ang ugali naman niyan kagaya ng mga sa mga pinapanood naten yung mga kagaya nung komediya ayan uhh siyempre ano ano bang nirerepresenta, pagiging disente siguro disente, marangal, oo. Kunware sa mga aksyon kasi kasi karamihan diyan sa aksyon barilan yan eh hindi mo maiaano yan eh, yan sa komediya siguro yan mediyo ano mediyo nirerepresenta yon.

IN: So, plano niyo po bang ipagpatuloy ang pagsuporta sa mga tauhan at mga palabas na ipinakita ko po?

P9: Oo naman, kaya lang karamihan naman kasi ng ano eh patay na eh yan mga lumang pelikula na yan siyempre ayun ang nagbibigay ng saya sayo eh ngiti eh, aba siyempre kahit papaano

panonoorin mo kahit nga yung mga kila FPJ pag pinabalik balik namen panoorin kahit napapanood na eh kasi talagang huling huli ang kiliti ng mga nanonood

IN: Yun lang?

P9: Yun lang, salamat

IN: Thank you po

P9: Salamat

IN: Yun lang po sir, salamat

Interviewer: Juan Miguel Enrique

Participant 10

Date of interview: 04/26/2024

[00:00:01]

IN: So, Magandang araw ako po si Juan Miguel Enrique nag aaral sa Asia Pacific College, ako ay isang third year student nagsasagawa ako ngayon ng aking thesis at humihingi po ako ng kompirma uhhh kompirmasyon sainyo kung sa pagsali niyo po sa pag aral na to

P10: Ayos naman, masaya

IN: Sige po, so uhhh etong ano po ang parti- ang boluntaryo or kayo po ah may karapatan kayo na tumanggi or bumack out kapag di po kayo komportable sa pag sagot

P10: Ok

IN: At ang makukuhang mga sagot naman po dito at datos ay magagamit lamang sa pag aaral at wala naman makaka access na iba kundi ako lamang po, di rin po ipopost to or ilalabas sa publiko ang makukuhang sagot po dito. Ok so dito po uh sa seksyon po na to kinokompirma ko po na kayo ay isang Pilipino?

P10: Uhh opo opo

IN: Okay, isang lalake?

P10: Opo

IN: 30 hanggang 40 taon?

P10: Uh opo

IN: Okay, nakatira sa Metro Manila?

P10: Opo

IN: Okay, at nanonood ng kahit anong Pilipinong Panlibangan po? Mga movies, teleserye?

P10: Teleserye teleserye

IN: Ah okay po, so papakitaan ko po ng kayo ng mga pictures o litrato at pasabi na lang po kung kilala niyo or uhh aware kayo kung sino po tong taong to. So ayun po pamilyar po ba kayo sa mga sikat na actor at personalidad na nasa baba po? Pakibanggit na lang po yung pangalan nila kung kilala niyo po

P10: Siii Rodrigo Duterte, si Coco Martin

IN: Okay po

P10: FPJ, tiyaka si Koykoy

IN: Sige po, then next po is eto po

P10: Aga Muhlach, Daniel Padilla, at tiyaka

IN: Ay sorry po

P10: Cesar Montano

IN: Okay po, then

P10: Jay Manalo, si Robin Padilla, si Ryan Agoncillo tsaka si Phillip Salvador

IN: Okay, then eto po

P10: Andrew E.

IN: Okay po, sa mga sa dito na po sa next seksyon na to uhh tatanungin ko lang po kayo kung pamilyar naman kayo sa mga palabas na to at teleserye na to

P10: Uhh sa MISTAH, sa MISTAH pamilyar ako dahil napanood ko mismo yung pelikula nay an about sa relihiyon at tiyaka giyera, yun lang tase tong Pakboys hindi eh hindi ako masiyadong

IN: So eto po

P10: Eto lang, yung Dobolll Trobol kasi masaya panoorin dahil kay Dolphy tas si Vic

IN: Okay po eto po?

P10: Hindi eh, hindi ako pamilyar sa tatlo, dito lang talaga kay

IN: Okay okay, sige po. Eto po?

P10: Hmmm, eto yung kay Robin lang eto eto napan pinapa napanood ko na rin yan sa Maging Sino Ka Man kasi action eh, mahilig nga ako sa ganong pelikula

IN: Hmmm

P10: *inaudible* tas sa mediyo ano uh parang may may ano may love story kahit papaano yun, the rest about naman sa tatlo wala hindi ko talaga sila napanood.

IN: Eto pong Asiong Salonga?

P10: Ah eto si Asiong, oo ayan dahil nga unang una tiga Tondo yung history din nandiyan kahit papaano, sa kaniya kaya ayun.

IN: So, eto pong next… ay wala na pala. So tatanungin ko na lang po kayo dito sa mga about sa mga nakita niyo po uhh ano pong mga nagustuhan niyo sa mga ganong palabas?

P10: More on action talaga then tiyaka sa history yon, kaya ako lalo na yung kay Asiong kasi nga sa Tondo ginawa, yon.

IN: Okay po, uh anong mga ugali, kilos, at katangian ng mga karakter po na nakita ninyo ang nagustuhan niyo po at hinahangaan niyo po?

P10: Mediyooo barumbado pero sa sa loob nila is hindi naman pala ganon, nahuhusgahan kagad sila pero sa totoo talaga is mababait talaga sila.

IN: Okay po, so may mga ugali po ba uhh kilos at katangian nung yung mga karakter na pinakita ko po ang maihahalintulad niyo po sa sarili niyo po?

P10: Uhmm uhmm, siguro nung time nung mediyo ayan ah mediyo bata bata pa naging loko pero nung nagka pamilya siguro kay… siguro wala eh kasi magkakaiba nga eh diba?

IN: Hmm hmm

P10: Wala sa tingin ko wala, wala ako maihahalintulad pwera lang siguro may mga iba na ganon

IN: Yung sabi niyo po kanina yung bata bata po kayo anong parang characteristics niyo po or ugali niyo pa po non nung time na yon?

P10: Pilyo, pilyo talaga loko. Halos ganon naman diba kahit papaano nadadaanan naman naten yung time na ganon pero ngayon talaga di na, bulakbol nung bata bulakbol yan

IN: Okay, so uhh yung tingin niyo po ba uhm may yung mga karakter na yon nirerepresenta po ba nito kung ano at paano dapat kumilos ang mga lalake?

P10: Sigurooo, siguro siguro may side na… yung paglalaban mo yung mahal mo yung ganon na ipagtatanggol mo yung bayan, yung pamilya mo siguro pwede pwede, pwedeng mangyare. Pwed pwedeng iadopt ng kahi pwedeng maadopt ng kahit sinong lalake.

IN: Uh plano niyo po bang ipagpatuloy yung at pag suporta ang pag suporta sa mga tauhan at mga palabas na to?

P10: Oo, sa pelikula lalo pag action talaga hanggang ngayon naman pag sa Youtube ganon sila pa rin yung pinanonood ko eh sila FPJ, yan Phillip Salvador, Robin Padilla, yan sila Vic Sotto yan.

IN: Yun lang naman po, uhh thank you po

Budgeting

Pre-production

PRE-PRODUCTION BUDGET COSTINGS						
ITEM	LISTED ITEMS	ESTIMATED PRICE PER UNIT/ DAY	QTY	NO. OF DAYS	AMOUNT/PRICE	REMARKS
Food	N/A	150 per person	N/A	1	N/A	
Transportation & Gas	N/A	N/A	N/A	1	N/A	
Materials	Printed scripts	N/A	N/A	1	200	
Casting Call	1. Enrique, Juan Miguel 2. Dofitas, Brian 3. ---------- 4. ---------- 5. ----------	150 x 5	5	1	750	
Auditionees snacks	**Snacks** **1. Drinks** 1- Water (Isang box) - ₱350 **2. Bread** 2 -Pack sky flakes 350 3- Pack Mamon 315 **3. Chips** 10 - Oishi Potato Fries assorted flav 200 10 - Pillows assorted flavor 120 **4. Sweets** 1 - Pack Champi 50 1- Pack Fruitos 50 1 - Pack Mentos 50	N/A	N/A	1	1,485	
PRE-PRODUCTION TOTAL						2,435
ALLOTED BUDGET FOR THE WHOLE PRODUCTION						90,000
CONTINGENCY FUND						10,000
OVERALL TOTAL SINCE PRE-PRODUCTION:						2,435

Production

PRODUCTION BUDGET COSTINGS						
ITEM	LISTED ITEMS	ESTIMATED PRICE PER UNIT/ DAY	QTY	NO. OF DAYS	AMOUNT/PRICE	REMARKS
Food	1. Breakfast 2. Lunch 3. Dinner	150 pesos per meal x 9 x 12	13	3	16,650	Make sure the food is safe for everyone
Location	Mythe & Co	1,000	1	3	3,000	Estimated.
Accomodation for Casts	Airbnb	4,000 - 5,000	1	3	4,000 to 5,000	Estimated.
Set Design	SET DESIGN WILL STILL CHANGE	N/A	N/A	3	8,000	Budget alloted
Transportation & Gas	1. David Car (5 capacity) 2. Yotz Car (5 capacity) 3. Jeep for set design (dami capacity) 4. Jeep for set design (dami capacity)	1,600 per car, 2,000 per jeep (Per deal)	4	3	10,000	Price will still depend on the gas price that day.
Talent Fee for the Cast	Ricardo, Linda, and Jun.	Main = 1,600 Supp = 1,000	3	3	Main = 5,000 Supp 2x= 3,000 = 11,000	TF will still depend on the deal between the actors
Crew	Director: Juan Miguel Enrique Assistant Director: Brian Dofitas DOP: Jed Brigola Gaffer: Kari Lee Sound man: David Castro Boom operator: Arya Abadier Production Manager: Bea Andrade Production Designer: Catleen Arzala Production Assistant and Make up: Dafnie Montesa Wardrobe: Dafnie Montesa BTS Photo and Video: Yobhel Betinol	1. DOP - 5,000 2. Kari Lee - 2,000 3. Sound Man - 1,500 4. Boom Operator - 1,500 5. Production Manager - 4,000 6. Production Designer - 2,000 7. Prod Assistant, Wardrobe, and Make up - 2,000 8. BTS PHOTO and VIDEO - 1,500	10	3	19,500	TF will still depend on the deal between the crew and the director
Equipments	APC EQUIPMENTS 2 apulure 2 Tripod 1 Gimbal 4 Lights 4 C stand 4 Sony Batteries 4 Light stand 3 Diffuser 3 Reflector 1 Boom mic 1 External Monitor na maliit 1 Monitor 2 HDMI 6 Extension	CARE OF APC	38	3	CARE OF APC	Reserve weeks before the shoot day
Walkie Talkie	Walkie talkies	1050 per pair x 2	4	3	2,100	Buy weeks before the shoot day
PRODUCTION TOTAL						75,250
ALLOTED BUDGET FOR THE WHOLE PRODUCTION						90,000
CONTINGENCY FUND						10,000
OVERALL TOTAL SINCE PRE-PRODUCTION						77,685
						OVERBUDGET.

Post-production

POST-PRODUCTION BUDGET COSTINGS						
ITEM	LISTED ITEMS	ESTIMATED PRICE PER UNIT/ DAY	QTY	NO. OF DAYS	AMOUNT/PRICE	REMARKS
Editor		N/A	1	N/A	5,000	
Transportation		N/A	N/A	N/A	N/A	
Material/Assets		N/A	N/A	N/A	N/A	
Sound designer/Score	Foley and Score	N/A	1	N/A	3,000	
Graphic Designer	Marketing Collaterals	N/A	1	N/A	3,000	Poster and other promotional stuff
POST PRODUCTION TOTAL						11,000
ALLOTED BUDGET FOR THE WHOLE PRODUCTION						90,000
CONTINGENCY FUND						10,000
OVERALL TOTAL SINCE PRE-PRODUCTION						88,685
						OVERBUDGET.

Link to Production Budgeting https://asiapacificcollege-my.sharepoint.com/:x:/g/personal/jrenrique_student_apc_edu_ph/EQr1lMzikvZAoMZq6WLMFZQBn5I8p82fv6EqBmWP9kezrQ?e=I7eKWa

Timetable

ACTIVITY	MONTH								
	October 2023	November 2023	December 2023	January 2024	February 2024	March 2024	April 2024	May 2024	June 2024
PRE-PRODUCTION									
Storyline									
Sequence Treatment									
Character Awareness Chart									
Project Proposal Paper									
Screenplay & Scriptwriting									
Storyboard									
Location hunting									
Shotlist									
Art Direction deck									
Casting call									
Audition									
Script reading									
Reservation of APC equipments									
Sourcing of materials for prod design									
PRODUCTION									
Shooting Day (3 days)									
Back up files									
Pack up									
POST PRODUCTION									
Offline Edit									
Online Edit									
Foleys									
Scoring									
Finalizing the Film									
EXHIBIT									
Preparation for Exhibit									
Marketing									
Production of Printing Collaterals									
Exhibit									

Link to the Gantt Chart Excel file https://asiapacificcollege-my.sharepoint.com/:x:/g/personal/jrenrique_student_apc_edu_ph/EaKZYUI6OjhMqZuVWhaOU80B-hGncMziOcnpkW5H51L3Kg?e=FlOT7b

TOGA SA METRO

A screenplay by Juan Miguel Enrique
03/28/24

SEQUENCE 1
INT. FRONT TAILOR SHOP - NIGHT (10 PM)

BLACK SCREEN (Loob ng nakapatay na TV)Maririnig lamang ang dialogue at pangyayare sa mga susunod na mangyayare.

May kakatok sa pinto ng shop ng hatinggabi, bubuksan ito ni Ricardo na parang may inaasahan ito na tao.

RICARDO (O.S)
(Enthusiastic at masaya)
Oh, darling di mo sinabi na dadaan ka pala…

KABIT (O.S)
(Flirty na parang lasing)
Ay sorry darling, wrong timing buuuuh…

RICARDO (O.S)
(Dismayado onti na flirty)
Oo darling eh…
pupuntahan din naman kita dun, eto naman namiss ako agad…

KABIT (O.S)
(Flirty)
Nuh ba yuuuhnnn…

Susubukan ni Ricardo na umiscore ng halik, pero ang mukha/bibig nito ay itutulak ng kabit.

RICARDO (O.S)
(Mediyo urgent, pero kalmado)
O sige na, penge na lang ako kiss bago ka umalis hehe

KABIT (O.S)
(Pa hard to get)
Kiss mo mukha mo

Aalis na ang bisita sa shop, maririnig na may kakalkalin si Ricardo sa lagayan niya ng mga CD niya.

SEQUENCE 2
INT. FRONT TAILOR SHOP - NIGHT (11PM)
Pagbukas nito ng TV makikita na ang mga susunod na eksena
POV NG TV(4:3 FORMAT)

Pagbukas ng TV, unang una makikita si Ricardo. Malapit si Ricardo pati ang mukha nito sa TV dahil kakakabit lang nito ng bala sa TV. Lalayo si Ricardo at maglalakad onti papunta sa kaniyang upuan/working space.

Bago umupo si Ricardo ito ay hahagikgik,iseset up din nito ang kaniyang papanoodin bago siya magsisimula sa pagtrabaho habang ito ay nanonood.

Isang lumang pelikulang Pilipino ang pinapalabas sa isang lumang telebisyon, may maririnig na boses ng isang lalaki at babae na para bang naglalandian.Lalakasan ni Ricardo ang volume ng palabas.

TV AUDIO ONLY

LINDA (FROM T.V)

(Hagikgik na kinikilig na mediyo seductive)

Ano baaa,baka biglang dumating yon

JUN (FROM T.V)

(Seductive na mediyo nambobola)

Okay lang yan, pakipot ka pa, eh ikaw nga etong bumalik pa para lang makita ako.

LINDA (FROM T.V)

(Seductive na maharot tono)

Ehhhh.. hehe

JUN (FROM T.V)

(Napahagikgik onti at parang proud)

Tignan mo…

Ang karaniwang araw ni Ricardo ay manood ng mga lumang pelikulang Pilipino tuwing gabi habang ito ay magpupuyat sa pagnood at pagtrabaho, nagtatahi at nag aayos ng mga damit. Makikita sa mga mukha ni Ricardo ang pagkaenganyo at pagtutok nito sa pinapanood niya, na para ba itong kinokontrol.

Tawang tawa habang ngumingisi si RICARDO nagsalita ito na…

RICARDO

(Proud na masaya na parang sabog)

HAHAHAHAH ibang klase kamandag mo totoy!

May magbubukas ng pinto papasok, mapapatingin si Ricardo sa taong pumasok at mapapasuot ito ng kaniyang salamin para ito ay kaniyang makita. Nakita niyang si Linda ang pumasok, sabay balik agad to sa kaniyang ginagawa, at tatanungin ito na

RICARDO
(Nagtataka)
Napabalik ka ata?

Pumasok si Linda sa shop upang bigyan si Ricardo ng kanyang makakain, mapapatingin mata ni Ricardo kay Linda pero ito ay babalik agad sa pagnood at pagtawa. Tatapikin niya si Ricardo…

LINDA
(Mahiyain na nag lalambing, subtle lang)
Ano yang pinapanood mo
Tuwang tuwa ah…

Hindi papansinin ni Ricardo si Linda kahit kita sa mukha nito na narinig niya si Linda.

LINDA
(Nag lalambing na subtle, mahiyain at submissive)
Oh eto kain ka muna… ano ginagawa mo? eh wala pa naman yung mga tela para sa mga gown ni Eddie ah

Mapapatingin agad si Ricardo ng marinig ang salitang "kain" sabay mapapangiti sa tuwa ito pagkakita ng pagkain.

RICARDO
(Tuwang tuwa)
Uy!
Hindi, tinatapos ko lang tong… pinaayos na pantalon.

Nilagay ni Linda ang tupperware na lagayan ng pagkain ni Ricardo, punong puno ng kanin na may apat na pirasong manok sa lamesa ni Ricardo. Sinamahan pa ito ng kanyang malamig na paboritong beer. Napangiti sa tuwa si Ricardo ng nakita niya ang pagkain na hinain.

Frame Ricardo and TV screen na may sexy na babae (or poster) with Linda(Shows comparison and separation)

Nang paalis na si Linda ng shop, napatingin ng saglit si Ricardo kay Linda nang para bang nadismaya tas balik sa pag nood. Siya ay bumalik agad sa pagnood at pagkain ng manok.

LINDA

(Nag aalala)

Alis na ako ah. Uwi ka na agad pagtapos mo diyan ah…

SEQUENCE 3

Tutunog ang instrumental ng score

INT. FRONT TAILOR SHOP - NIGHT (11PM)
BEGIN MONTAGE:

****PASOK OPENING CREDITS* INTRO TO TITLE***

Pag alis ni Linda, patuloy sa pagnood si Ricardo habang ito ay naglilibang at kumakain.Magbababad si Ricardo sa pagnood at pagtrabaho, magsisimula ito ng gabi at aabutin na ng umaga. Makikita sa bawat kilos niya ang pagbabago ng lugar.

MAKALIPAS ANG ILANG ORAS

Nanonood pa din si Ricardo, habang ito ay gumagawa sa kaniyang tahian.

MAKALIPAS ANG ILANG ORAS

Nanonood si Ricardo habang ito ay magkakamot ng tiyan o mangungulangot

MAKALIPAS ANG ILANG ORAS

Makakatulog na si Ricardo, habang ito ay nanonood ng TV.

MAKALIPAS ANG ILANG ORAS

Mag aayos ng mga tela at materyales si Ricardo, habang ito ay nakatingin sa TV.

INT. FRONT TAILOR SHOP - DAWN

MAKALIPAS ANG ILANG ORAS
Babalik ito sa pag upo at itatapat ang kaniyang salamin upang mag bunot ng puting buhok habang ito ay nanonood.

END MONTAGE

INT. FRONT TAILOR SHOP - MORNING (7:00AM)

MAKALIPAS ANG ILANG ORAS

Maaabutan na ng araw si Ricardo kakanood niya

Ito ay mag aayos ng shop onti, tatayo ito upang suotin ang kaniyang polo at kukunin ang nakasabit na susi at padlock ng shop.
Bago mawala sa frame si Ricardo, ang TV ay kaniyang susubukan patayin, paalis na ng bahay si Ricardo at mawawala na sa frame ngunit napansin niya bigla na di pala napatay ang TV, kaya ito ay babalik sa frame at kaniyang papatayin ulit gamit ang power button ng TV.

FADE IN TITLE "TOGA SA METRO"
Matatapos ang pagtunog ng score.

SEQUENCE 4

MATCH CUT:

INT. FRONT TAILOR SHOP - MORNING (9AM)

SHOT - Wide.
SHOT - Close up shot (JUN, LINDA, SUPPLIER)
SHOT - Extreme close up shot (RICARDO REACTION)

Establishing shot ng shop na nag aasikaso si Linda ng trabaho habang kasama si Jun na naglilinis ng shop. Papasok si Ricardo ng shop na late at kakagising lamang, ito ay antok na antok, hihikab ito na para bang ito ay napuyat. Tatanungin ito ni Linda kung bakit ito nalate, sasagot ito ng parang walang pakielam.

JUN
(Magalang na bati na relaxed)
Magandang umaga po Ser

RICARDO
(Antok at half asleep pa)
huuuuRh…

LINDA
(Concern onti)
Oh napuyat ka ata

RICARDO
(Walang pake pero sumagot)
Wala eh, dami tinapos kagabi
Timplahan mo naman ako kape.

Titingin muna si Ricardo sa kalendaryo upang tignan ang kanilang mga kailangan tapusin na trabaho, bago ito umupo sa kaniyang pwesto tatanungin nito si Linda kung dumating na ba ang bagong supplies ng mga tela at beads. At tiyaka ito ay didiretso sa kaniyang upuan.

RICARDO
(Curious)
Dumating na ba ang supplier?

LINDA
(Kalmado)
Hindi pa eh…

Bago umupo sa pwesto si Ricardo, makikita nito na nagpupunas si Jun ng salamin ng shop,mapapansin ni Jun na tabingi ang mannequin at susubukan nito idiretso ngunit sasabihan siya ni Ricardo na wag niya na ito subukan ayusin.

RICARDO
(Antok)
Wag mo na subukan ayusin yan…

JUN
(Submissive)
Ay…sige po sir

CUT TO:

Close up shot ng bell (sa pinto)
Habang nagpupunas si Jun, dumating ang kaakit akit nilang babaeng supplier ng mga materyales.Mapapatingin bigla si Jun sa pinto at kay Linda na nag titimpla ng Kape. Aabot ni Linda ang kape kay Ricardo at kakausapin ang supplier kasama si Jun.

JUN
(Nang iinform)
Ma’am

LINDA
(Natuwa pero kalmado)
Ay, andito ka na pala
Kumpleto naman lahat?

Mapapatigil si Ricardo sa pagtratrabaho at mapapatingin ito sa pinto. Mapapasuot ito ng salamin at nung una ito ay magtataka onti pero makikita sa mukha niya na natuwa siya sa kaniyang nakita.

SUPPLIER
(Kalmado)
Ay opo kumpleto

LINDA
(Natuwa pero kalmado)
Sige sige ipasok lang namen ah, tas abot ko sayo bayad.

Kukunin ni Linda at Jun ang mga supplies na dumating. Papasok ni Linda ang mga box at plastic, habang sinusubukan pa din nito na mag ayos, bigla tutumba ang mannequin na nakasuot ng amerikana/panlalaki sa kaniya, hindi masasaktan si Linda ngunit mabibigla lamang ito. Mapapansin ito ni Ricardo at uutusan niya si Jun na tulungan nito si Linda.

RICARDO
(Relaxed na mediyo tunog bossy)
JUN, tulungan mo muna si Ma’am Linda mo sa mga dala niya.

JUN
(Nagulat onti, submissive)
Opo ser

Dala dala ni Jun ang malalaking plastik na punong puno ng mga tela, sinulid, at beads.

Bago tumuloy si Linda sa pag aayos ng supplies, tumingin ito kay Ricardo na para bang kinilig at natouch, tinulungan ni Jun magbuhat ng mga binili nila na materyales si Linda. Biglang maiisipan ni Ricardo na magsabi kay Linda na siya ay nagugutom.

RICARDO
(Nagrereklamo)
Linda, wala bang pandesal diyan…

LINDA
(Casual na alagain)
Ay sge saglit lang ah, tapusin ko lang to…

RICARDO
(Naiinip)
Hayaan mo muna diyan si Jun, nagugutom na ako eh…

LINDA
(Napressure na kalmado at gentle)
Sige sige, saglit lang ah…

RICARDO
(Demanding)
Ano ba? Gusto mo ata ako pa bibili eh.

SHOT - Extreme close up. Focus on Ricardo's eyes and mouth

ANG BABAE AY HINDI MAKIKITA SA EKSENA,KAYA DUDUGAIN NA LAMANG ITO, MATATAKPAN ANG BABAE NG MANNEQUIN.

Napatigil sa pagtrabaho si Ricardo at mapapatingin sa babaeng supplier. Tatayo si Ricardo upang ito ay kausapin bago niya ito bayaran. Bago iabot ni Ricardo ang bayad sa supplier, babawiin nito ang kaniyang pag abot ng kamay at sabay magtatanong. Binola niya ito para makapagsimula ng pag-uusap. Nginitian niya ito at nginitian din siya nito.

RICARDO

(Tunog paswabe na curious)

Ngayon lang kita nakita ah, ikaw ba yung pumalit kay manang Susan?

Mapapatingin si Jun sa ginagawa ni Ricardo, na parang ito ay nagtataka sa nangyayare habang ito ay nag aayos ng mga supplies.

SUPPLIER

(Natawa na parang nahiya)

Maka “Manang” naman to kay Ate Susan eh bata pa po yon!

RICARDO

(Tawa na kunware nagulat)

Ay ganon ba? Mukha na kasing manang eh!

Pagkabalik ni Linda dala dala ang almusal nila, maaabutan niya si Ricardo na nilalandi ang babaeng supplier. Siya ay matatahimik at mapapatingin lamang sa dalawa, ngunit halata sa mukha ni Linda na siya ay nagseselos, ito ay madidismaya at ito ay kaniyang isinang-tabi na lamang.

RICARDO

(Nagbibirong paswabe)

buti naman pinalitan nila ng magandang dalaga

SUPPLIER

(Nahihiya)

Hala hindi naman po.

Pag abot ni Ricardo ng bayad sabay hahawak ito ng onti sa kamay ng supplier. Magugulat ang babae ngunit ito ay ngingiti na lamang mediyo nahihiyang di komportable.

Aalis na ang Supplier, bago ito umalis ngingitian ito ni Ricardo na para bang nagpapapogi at nanlalandi. Si Linda ay oobserbahan lamang siya ngunit walang magawa. Mapapansin ito ni Ricardo, at babaliktarin si Linda gamit ang kaniyang malaking boses.

RICARDO

(Slight kalmado nung una tas biglang maiinis na iritable)
Oh bakit na naman? Ano tinitingin tingin mo diyan, may problema ka na naman ba?

SEQUENCE 5 (10AM)

Biglang may kakatok sa pinto ng shop at matitigil ang usapan ni Ricardo at Linda, si Linda matatahimik sa gilid at mapapaupo na lamang. Papasok ang kanilang kapitbahay na si Richard na may dalang flat screen na telebisyon, aalukin niya si Ricardo na bilhin ito ngunit si Ricardo ay tatanggi

RICHARD
(Enthusiastic Persuasive)
Tao po! Mang Cardo! Ma'am Linda! Tao po!

RICARDO
(Nacurious pero parang mediyo nairita)
Oh, ano na naman yon Richard?

RICHARD
(Enthusiastic Persuasive)
May bago akong TV dito na binebenta

RICARDO
(Naiirita)
Oh ano naman gagawin ko?

RICHARD
(Enthusiastic Persuasive)
Aba siyempre, bilhin niyo

RICARDO
(Mediyo curious pero wala pa din pake)
Nako gastusin lang yan

RICHARD
(Enthusiastic Persuasive)
13 thousand lang naman Mang Cardo, Get niyo na!

RICHARD
(Enthusiastic Persuasive)
Para din naman mapalitan na yang **luma** niyong TV.

RICARDO
(Todo tanggi na mediyo gigil, tas proud na nakangisi)
Ikaw Richard, pumunta ka lang ata dito para insultuhin ako eh, alam mo… kahit luma na to nakakanood pa din naman ako dito.

RICHARD
(Dismayadong nang aasar)
Hindi naman porke gumagana pa rin ang isang bagay ay hindi na dapat palitan.

RICARDO
(Naiirita)
Nako tigil tigilan mo nga ako sa hugot hugot na kabaklaan mo na yan.

RICARDO
(Pilit na confident kahit may onting doubt)
Ah basta, di ko kailangan palitan tong TV ko, kahit luma pa to okay lang.

Mapapakakamot sa ulo si Richard.

RICHARD
(Dismayadong nang aasar)
Bahala kayo Mang Cardo, ikaw din.

Si Jun mapapatigil sa trabaho at makikisali… mapapansin siya ni Richard kaya siya ay maiisipan na alukin.

RICHARD
(Nabuhayan persuasive pero di sobra)
Oh ikaw Jun, baka gusto mo oh? Diba eto na uso ngayon hindi na yung mga matatabang TV na yan.

JUN
(Natuwa na interesado)
Ayos yan chard ah, baka pwede installment?

RICARDO
(Superior)
Hoy hoy hoy ano Jun? Pano mo babayaran yan, bumale ka pa nung kelan ah. Tiyaka wag ka papaloko diyan kay Richard, Jun. Dito ka na lang manood sa TV ko.

RICHARD
(Asar pero di galit)
Hay nako Mang Cardo, kahit kelan ka talaga…

RICARDO
(Hagikgik kasi success ang pang aasar niya)

SEQUENCE 6

CUT:

EXT. OUTSIDE TAILOR SHOP - AFTERNOON (1PM)

Establishing shot.

Medium close up shot ni Linda, nakatulala lang ito habang nagtatahi.

LINDA (O.S)
(Nag aalala na natatakot)

CUT:

INT. FRONT TAILOR SHOP - AFTERNOON

Habang ang tatlo ay ay nagtratrabaho, nakatulala lamang si Linda kakaisip sa nakita niya kanina habang ito ay nagtratabaho sa makinang pantahi na gumagalaw at ginagamit niya.Dahil dito natusok niya ang sarili niya ng karayom ng makina.

CUT:

INT. FRONT TAILOR SHOP - AFTERNOON

Extreme close-up shot, slow-mo shot ng sewing machine na dumidikdik sa mga tela.

Mapapansin ni Jun na di nagbibigay ng pansin ang kaniyang amo na si Linda sa kaniyang ginagawa, una ay ito ay kaniyang sasabihan ng mahinahon at mahina hanggang mapansin niya na patuloy ito sa pag tatahi ng tulala..

JUN (Distorted O.S)
(Seryoso mahina hanggang palakas nang palakas at papanic nang papanic)

Ma’am..
Ma’am yung
Ma’am yung kamay niyo!

Napalapit si Jun kay Linda, sa sobrang taranta nito nabitawan at naibagsak niya ang kaniyang hawak na mannequin female torso.

SHOT - Medium full shot foreground machine middle ground si Linda at Background si Jun.

Mapapatingin muna si Linda kay Jun, pagtingin niya dito mapapatingin ito sa kaniyang kamay. Sabay mabibigla dahil dumudugo ang ang kaniyang kamay, ngunit walang reaksiyon gaano si Linda na para bang wala ng epekto sa kaniya ang sakit. Matataranta si Jun, susubukan kausapin ni Jun si Linda ngunit di siya mapapansin neto.

LINDA
(Kalmado na parang wala ng bago)
Ay…

JUN
(nagpapanic)
Hala ma'am okay ka lang ba?!
Nasan na po ang first aid kit naten?!
Saglit lang po ah hanapin ko lang yung first aid kit

Kitang kita sa mukha ni Jun ang pagtataka sa reaksiyon ni Linda na para bang wala lang sa kaniya ang pagkasugat niya.

Dahil sa taranta at lakas ng boses ni Jun maiistorbo at maiirita si Ricardo sa kaniyang pagtratrabaho.
Mapapatingin si Ricardo sa likod niya at ito ay mapapakamot ng ulo at palatak. Papalapitin ni Ricardo si Linda at titignan kung ano ang nangyare dito, agad papagalitan ni Ricardo si Linda na para bang binabalewala nito ang sakit na nararamdaman nito.

RICARDO
(Naiirita na mataas ang boses)
Halika nga rito…
Ano na naman katangahan yan Linda, tangina naman kung kelan marami tayong kailangan tapusin.

Magugulat si Jun dahil imbis na mag alala pa si Ricardo, ito ay nagdabog pa.

Maluluha si Linda at maiisipan itanong nito kay Ricardo ang bagay na patuloy na bumabagabag sa kaniya, habang siya ay nangangaray sa sugat na nakuha niya. Agad sumagot si Ricardo kay Linda ng pataas ang boses. Habang nangyayare ito, si Jun ay patuloy na magtatanong kung nasan ang first aid kit nila.

LINDA
(Kinakabahan at naiinsecure)

Ano meron sainyo nung supplier naten?

RICARDO
(Iritable na nagulat)
Tangina pinagsasabi mo diyan?
Kinakausap ko lang yung tao ang OA mo naman.

JUN
(Natataranta na nag aalala)
Ser yung sugat ni Ma'am, asan po ang first aid kit naten?!

RICARDO
(Iritable)
Nasa drawer sa likod diyan, hanapin mo na lang.

Magmamadali si Jun upang kunin ang First Aid kit.

RICARDO
(Naiirita na confident na namamahiya)
Nakakahiya ka sa tapat ka pa talaga ni Jun nag iiyak iyak

LINDA
(Nasasaktan ng todo at naiinsecure)
Eh nakita ko nga hinahawakan mo yung kamay tas nilalandi landi mo…

RICARDO
(Naiinis at naiirita)
Gawa gawa ka kwento diyan, natamaan ko lang naman yung kamay.
Tiyaka kinakausap ko lang yung tao anong mali don?!

Lalapit at bababa si Jun, upang linisin nito ang sugat ni Linda. Habang nililinis ni Jun ang sugat magsasalita bigla si Ricardo at mag rarason ito, siya ay titingin kay Jun upang signalan ito na tulungan siya magpalusot.

RICARDO
(Malakas loob)
kahit itanong mo pa kay Jun.

JUN
(Confused)
Ha? Ano ser?

Sesenyas si Ricardo kay Jun gamit ang kaniyang kilay, mata, at nguso. Sabay sasabihin niya ng mabagal na parang may tinuturuan na bata.

RICARDO
(Mediyo slight panic na trinatry magmukhang confident)
Di__ba__wala naman ako ginawang iba at kinakausap ko lang yung__supplier.

JUN
(Kabado na napilitan)
Ay oo Ma'am, wala naman yon nakita ko din kinakausap lang ni sir yun.

Insert shot ng level 1 madumi na coat na nasa mannequin ng lalake.

Sabay hawak si Ricardo sa buhok ni Linda upang suyuin, ito.

RICARDO
(Naiirita na kalmado)
Eto parang ayun lang iniiyak mo na, kayong mga babae talaga ang OOA niyo. Kahit si Jun oh nakita na wala naman ako ginagawa.

Si Linda ay kakalma, pagka kalma ni Linda aabot ni Ricardo ang chani sa kaniya na para bang nagpapacute na may pabor.

RICARDO
(Matutuwa na parang may natake advantage)
O siya siya, bunutan mo muna ako puting buhok.

INT. INSIDE TAILOR SHOP - AFTERNOON

Pagtapos malinis ni Jun ang sugat ni Linda, tatayo ulit ito upang kumilos. Aayusin ni Jun at pupulutin ang mga gamit na kaniyang nabitawan mapapatingin ito kay Ricardo habang busy ito sa pagtratrabaho.
Ilalagay ni Jun ang gown sa likod, bago niya ito isara makikita sa mukha niya ang pagka abala, isasara niya ang pinto ng cabinet at titignan niya muna ito saglit.

SEQUENCE 7

CUT:

INT. FRONT TAILOR SHOP - NIGHT (10PM)

Aabutin ng gabi sa pagtatrabaho sila Jun at Ricardo dahil sa mga inorder sa kanila, dahil sa nangyaring insidente na binack upan siya ni Jun, natuwa siya dito at naisipan niya na ayain ito na uminom ng kaniyang paboritong beer at manood sa kaniyang TV.

Ipapasara na ni Ricardo ang shop kay Jun at ipapapasok ang signage sa labas ng shop habang nakatambay si Jun. Ibabaliktad na ni Jun ang "Open signage" ng "Close".

RICARDO
(Kalmado na enthusiastic)
Jun…JUN! Magsara na tayo…

Habang nag aayos si Jun ng mga kailangan iligpit, magtitingin tingin muna si Ricardo ng mga bala ng palabas, hahanapin niya ang isa niyang paboritong palabas na tungkol sa pagiging macho. Ito ay mapapangiti nang makita ang pelikula na kaniyang gusto panoodin kasama si Jun.

Pagpasok ni Jun sa shop, aayain, ni Ricardo ito manood ng pelikula.

Makikita niya si Ricardo na sineset up ang palabas. Habang sineset up ni Ricardo ang palabas,uutusan nito si Jun at dudukot ito sa kaniyang short ng limang daan at sasabihan si Jun na bumili ng kanilang chibog. Bago lumabas si Jun, uutusan ito ni Ricardo na ipatay ang ilaw.

RICARDO
(Kalmado)
Oh, eto limang daan, bumili ka ng chibog naten sa labas.

JUN
(Nagtataka)
Para san ser?

RICARDO
(Sarcastic)

Malamang iinom, alangan na mag make up o siya siya patay mo na din yung ilaw bago ka lumabas.

Mapagtatanto ni Jun na natangahan sa kaniya si Ricardo, kaya siya ay ooo na lamang at susunod, bago lumabas ng shop si Jun, ipapatay nito ang mga ilaw tiyaka ito ay lalabas para bumili ng manok pang pulutan nila.

Pagbalik ni Jun, maaabutan niya si Ricardo na nanonood na.

Ilalagay ni Jun ang mga binili niya, bago ito umupo.

Uupo si Jun sa sahig, habang si Ricardo nakaupo sa monoblock niya.

Aabutan ni Ricardo si Jun ng alak, habang kinukuha ni Jun ang alak makikita sa mukha at kilos nito na siya ay di sanay uminom at naninibago pa…

RICARDO
(Showing off)
Oh eto, tumagay ka. Swerte mo nakalibre ka pa saken…

Susubukan ni Jun uminom ng beer, dahan dahan niya itong tutunggain ngunit dahil hindi siya sanay siya ay maduduwal sa diri ng lasa na parang napaitan. Mapapatingin si Ricardo kay Jun, at magtataka…

SHOT. Still close up shot sa pag inom ni Jun ng beer
Makikita sa paligid ni Jun na may bala ng palabas ni Robin Padilla.

RICARDO
(Magtataka na mediyo matatawa)
Ano ginagawa mo? Tangina bakla ka ba?

JUN
(Defensive na nagdoudoubt)
Ha? Ako bakla? Baka pag pinapunta ko mga chix ko mainggit ka

Titingin si Ricardo na parang di naniniwala tas ngingiti.

SEQUENCE 8

Aabutin ng gabi sila Ricardo, detailed shot ng orasan na gabi na

Isasara ang shop, detailed shot

BEGIN MONTAGE:

(Sa montage, makikita na unti unti nagbabago ang kilos, papanalita, at itsura ni Jun. Dito din makikita na unti unti lumalambot si Ricardo, hindi drastic ngunit mapapansin. Kumbaga soft spot ni Ricardo si Jun.)

Hanggang ito ay naging tuwing gabing gawain pagkatapos ng trabaho, mag iinuman si Ricardo at Jun, kwentuhan at nood ng mga lumang palabas sa tv. Madalas nila ito magagawa dahil kasabay ng pagdami ng bote ng beer na walang laman na ininom nila nag iiba din itsura ni Jun at ang kanyang pagkilos. Kasabay ito ng paglipas ng ilang linggo na makikita sa kalendaryo na nasa lamesa ni Ricardo.

DISSOLVE TO:

INT. FRONT TAILOR SHOP - NIGHT (9PM)

Si Jun pupunta ng spot nila na tuwang tuwa, habang nakaupo si Ricardo.

T.V ACTOR NA KAPITAN (O.S)
(Firm and superior)
Sergeant Dela Cruz, Bawal lalambot lambot at babakla bakla dito sa kapulisan.

DISSOLVE TO:

INT. FRONT TAILOR SHOP - NIGHT

Si Ricardo may dalang chibog tumatawa sa tuwa, habang si Jun enthusiastic at masayang may dalang mga bala ng action movies.

T.V ACTOR (O.S)
(Curious and gentle)
Pa, bakit po ayaw niyo pagtrabahuhin si Mama?

T.V ACTOR (O.S)
(Firm and superior)
Kasi ganon ang gawain ng babae, sa bahay lang sila.

DISSOLVE TO:

INT. FRONT TAILOR SHOP - NIGHT

Handheld Medium close up shot ulit ng pag inom ni Jun ng beer kasama si Ricardo, dito naman si Jun naman ang magkukusa na magbubukas ng telebisyon upang simulan ang panonood at pag inom. Padami nang padami ang mga bala ng palabas nila Robin Padilla, Cesar Montano, etc.

T.V ACTOR (O.S)
(Nagbibiro)
Pare, ano ba yang mga suotan mo HAHAHA… kaya ka siguro nagiging iyakin.

DISSOLVE TO:

INT. FRONT TAILOR SHOP - NIGHT

Still medium shot na ng pag inom ni Jun ng beer, dito naman wala pa si Ricardo ngunit nahuli pa. Magkakaroon siya ng ahit sa kilay tas siya na mismo nag aaya kay Ricardo. Foreground na puro bala ng palabas.

T.V ACTOR (O.S)
(Nang gigigil na para bang gusto makipag suntukan)
ANO!!!!
PUTANGINAMO ANG ANGAS MO AH!

DISSOLVE TO:

INT. FRONT TAILOR SHOP - NIGHT

Wide shot ulit ng pag inom ni Jun, foreground mga pinapanood nilang palabas pero mas marami na ito, kahit wide shot puno ang frame ng mga palabas na pinapanood nila.

T.V ACTOR (O.S)
(Boys talk scene, proud na proud)
Gago pare, naiskoran ko na si Ashley…

T.V ACTOR (O.S)
(Proud na di makapaniwala)
Oy gago di nga? Solid pare

T.V ACTOR (O.S)
(Proud na proud)

Oo bro, nung una iilang ilang pa kaso kumagat din naman WHAHAH

END MONTAGE:

DISSOLVE TO:

SEQUENCE 9

INT. FRONT TAILOR SHOP - NIGHT (10PM)

Medium close up shot ng dalawa na magkakatinginan at magtatawanan, habang umiinom ng beer at nagyoyosi.

Jun kukunin remote, para hinaan ang volume.

Makikita sa mga mukha ni Jun ang tuwa niya na may tinitingala siyang tao, tuwing sila ay nag iinuman. Magbibigay ng payo si Ricardo kay Jun, si Jun ay interesado ba na parang tinuturuan ng kaniyang sariling tatay.

RICARDO
(Tipsy na masaya)
HAHAHAHA, iba talaga pagiging astig neto ni Carlos ano… kaya idol na idol eh. Daming natitikman na hot babes.

Ricardo ngunguya chibog, habang nag papayo.

RICARDO
(Tipsy na masaya)

Alam mo Jun, kaya ako payo ko sayo, tumikim ka muna ng mga iba’t ibang putahe bago ka mag asawa.

Sabay hahawak sa ulo ni Jun si Ricardo.

RICARDO
(Tipsy na masaya)
Tignan mo ako, kung kelan mahina na si Manoy, Tiyaka lang ako tumitikim ng masasarap na putahe.

JUN
(Invested sa pakikinig, lasing at tuwang tuwa)
Eh bossing, si Ma’am Linda di pa ba masarap para sayo..

Parang mabibigla at parang mababastusan si Ricardo sa tanungan ni Jun ngunit, bigla itong matatawa na para bang natutuwa

RICARDO
(Tipsy na masaya)
Nung una masarap, kaso ngayon lasang luma na
Pause saglit

(Magkakatinginan at sabay tatawa ang dalawa)

RICARDO
(Tipsy na masaya)
Pag nakatikim ka na ng iba at mas sariwa… ewan ko na lang
(Iling at hipak yosi/inom alak)

Mararamdaman ni Ricardo na para siyang may anak, dahil sa kanilang pag bobonding.

Habang tumatawa si Jun at umiinom, hahampas ito ng pabiro kay Ricardo. Mapapatingin ng saglit si Ricardo kay Jun. Si Ricardo ay ngingiti.

Insert shot coat na nasa lalakeng mannequin level 2 bulok.

SEQUENCE 10

CUT:

INT. FRONT TAILOR SHOP - AFTERNOON (5pm)

Habang nagtratrabaho si Ricardo, bigla na lamang ito hihikab at makakaramdam ng pagkabagot at maiisipan nito na mag beer house titingin muna ito kila Linda at Jun at makikita niyang busy na busy ang dalawa sa pagtratrabaho, si Linda ay nagtatahi at si Jun naman ay nag gugupit ng mga tela, kaya maiisipan nito na okay lang na siya ay umalis, ito ay aalis ng hindi nagpapaalam. Pagtayo nito, titignan ito ni Linda na para bang alam na nito ang gagawin ni Ricardo ngunit di niya ito tatanungin, pero kusang sasagot si Ricardo at irarason nito na inaantok lamang siya at kailangan magpahangin upang magising at kukunin ang downpayment ng kliyente nila na si Eddieng bakla.

RICARDO

(Relaxed inaantok)

ArghHHh…(hikab) labas muna ako ah papahangin lang

At siguro singilin ko na din si Eddieng bakla sa downpayment niya.

SEQUENCE 11

INT. FRONT TAILOR SHOP - MIDNIGHT (11PM)

Detailed shot ng clock na madaling araw na.

Establishing shot na Extreme Close-up shot

Kinagabihan, habang nagtatrabaho si Linda at Jun, si Linda ipapasok ang mannequin na may pink na gown sa likuran ng gabi sa loob ng shop para may ihabol na order,at si Jun naman ay nag didikit ng beads sa gown, may maririnig silang ngisi at kumakanta galing sa labas

Napatigil sila sa kanilang trabaho… Si Jun ay mapapatingin sa labas mula sa loob, magugulat sila na dadating si Ricardo na lasing, amoy alak at may mga chikinini sa leeg.

Mapapatingin si Jun at mapapangiti na parang nabilib pa ito kay Ricardo.

Si Linda maiinis kay Ricardo dahil ito ay hindi bumalik agad sa shop, lalo na sa dami ng kanilang ginagawa. Bukod dito nararamdaman ni Linda na may ginawa na naman si Ricardo, kahit na ito ay aware na madalas ito gawin ni Ricardo sa kaniya.

Papasok si Ricardo sa shop para iabot kay Linda ang “bayad” ng client, bago ito iabot ni Ricardo hahalikan nito ang envelope at ibabato kay Linda, at magpapaalam ito upang umuwi na para magpahinga dahil sa pagod.

RICARDO
(Lasing)
O, Linda eto daw downpayment ni Eddieng bakla sa mga gown na pinagawa niya…

Tititig si Linda kay Jun na parang maiiyak na sa inis pero magpipigil ito. Aalis si Ricardo ng shop.

RICARDO

(Lasing na nagmamdali)
Uwi na ako ah, kayo na muna bahala dito

Si Linda ay matutulala na lamang at manlalambot ang buong katawan.

Pagkaalis ni Ricardo maiiyak na lamang ito at mapapaupo siya at mapapahawak sa dibdib niya sa sobrang sakit na nararamdaman niya. Lalapit si Jun kay Linda at bigla itong mapapasandal na lang din siya kay Jun. Magugulat si Jun ngunit ito ay hahayaan niya na lamang.

LINDA
(Hagulgol)
Putangina ang sakit… ang sakit Jun…
Halos tanggalan niya na ako ng respeto sa sarili ko…
Kahit alam kong ginagago niya ako, tinatanggap ko pa din siya…
Bat ganon? Hindi pa ba sapat yung pagmamahal ko sa kaniya? Hindi pa ba sapat para sa kaniya yon…

Si Jun ay hindi alam ang kaniyang mararamdaman, ito ay mapapatingin kay Linda, at tapikin niya to na para bang pinapatahan, mababasa ni Linda ng luha ang kamiseta ni Jun. Kitang kita sa mukha ni Jun ang pagkailang at pagka walang ideya neto sa pag harap sa ganitong sitwasyon. Titingin si Linda kay Jun na para bang eto ang unang beses niya nakaramdam ng kaginhawaan sa pakiramdam.

LINDA
(Hagulgol, tahan, thankful na may onting natouch)
Jun… Salamat ah isa kang mabuting tao, kung may kailangan ka sabihin mo lang saken.

Maflaflatter si Jun ng mayabang na way sa sinabi ni Linda.

Sabay hahawakan ni Linda sa kamay si Jun, na parang may ibang ibig sabihin.

Parang mabibigla si Jun, at ito ay mapapatingin na lamang sa kaniya at sa labas. (Parang nagkaroon siya ng idea)

SEQUENCE 12

CUT TO:

INT. FRONT TAILOR SHOP - AFTERNOON (5PM ONWARDS)

Establishing shot ng shop.

Habang nagtratrabaho si Jun ito ay nag lilipat at nagbubuhat ng boxes, mapapaisip ito bigla at mapapatingin sa orasan, mapagtatanto niya na wala si Ricardo kahit hapon na hahanapin ni Jun si Ricardo, at magpaparinig ito kay Linda.

JUN
(Curious)
Hapon na wala pa din si bossing ah…

LINDA
(Iritable)

Nag aayos si Jun ng imbentaryo ng shop, buhat buhat niya ang mabigat na mga kahon na may laman na mga gown at tela. Magkakasalubong sila ni Linda sa masikip na daan, dahil sa nangyare nung kinagabihan ilang ang dalawa sa isa’t isa, di alam kung sino ang papaunahin dumaan. Si Linda ay tumabi sa daan at nagkusang tulungan si Jun ngunit mas lalong nagulo at naging rason pa ito na mabagsak ni Jun ang mga hawak niyang gamit.

LINDA
(Awkward na nahihiya)
Ay.. tulungan na kita diyan

JUN
(Confident uncomfy)
Hindi ma’am okay na

LINDA
(Insist)
Dami dami niyan oh, dali na

JUN
(Insist)
Okay lang seryoso

LINDA
(Insist)
Hindi dali n-

Si Jun ay mapapakamot sa kaniyang ulo, si Linda ay titignan lamang si Jun na para bang naistarstruck siya rito.

JUN
(Iritable)
Tsk, nu ba yan

Mapapatingin na lamang din si Jun kay Linda ng matagal.

LINDA
(Parang sabog na di naman talaga sorry)
Sorry Jun ah

Magtititigan ang dalawa sabay tatayo si Jun, si Linda hihilahin kamadin. Pagkatayo ng dalawa at pagtalikod na ni Jun para gawin ang kaniyang gagawin bigla siya hinawakan sa kamay ni Linda at hinatak ito paharap, mapapatingin lang si Jun at…

Insert clip of Sewing Machine na mabilis na gagana at unti unti titigil. Slowly zooming in paclose up shot ng makinang panahi na gumagalaw. Kasabay ng intense na tunog sabay—-

SEQUENCE 13

CUT TO:

INT. FRONT TAILOR SHOP - NIGHT (7PM)

—--POV shot bubuksan ni Linda ang dala niyang kaldero sa shop, lalanghapin niya ang amoy nito na parang sarap na sarap sa pagkain.

Habang nagtutupi si Jun ng mga tela, at habang nag tratrabaho si Ricardo mapapatigil ito at titignan si Jun upang magtanong, pagkasagot ni Jun lalapit si Ricardo sa kaniyang pwesto at ito ay uupo sa lamesa.

RICARDO
(Excited na enthusiastic)
Jun, anong panoodin naten mamaya?

JUN
(Excited)
Kahit ano basta yung may bakbakan

Habang si Linda ay nag aayos ng pagkain. Tatayo si Ricardo mula sa kaniyang pwesto upang lapitan at makikipag kwentuhan sa kanilang balak na pagnood at pag inom. magsasalita si Ricardo at kakausapin si Jun.

RICARDO
(Curious na natutuwa)
Oh iba angas mo ngayon ah… mukhang naka iscore ka na bata

Si Jun parang mahihiya bigla onti, at susundan agad ito ng assurance ni Ricardo.

Habang inaadvisan ni Ricardo si Jun, ito ay mapapahawak sa balikat/ulo, na parang ito ay proud

RICARDO
(Relaxed nag aadvice na confident)
Oh, bat nahiya ka naman bigla… Alam mo okay lang yan… normal lang sa lalake na tumikim ng putahe, aba kung babae ka tas ganiyan ka… mahiya ka…

Tatanggalin ni Jun ang kamay ni Ricardo sa ulo/balikat niya na parang nailang ito, na nababaklaan sa kaniya ito. Sabay mapapatingin si Jun kay Ricardo na natatawa at mapapasmirk.

Insert shot level 3 coat sira sira bulok

Habang nag uusap ang dalawa, Dadating si Linda dala ang mga pagkain.
Habang palapit si Linda sa pwesto ni Jun hawak ang kanin at ulam. Nakatingin din si Ricardo kay Linda, inaasahan niya na siya ay mabibigyan din ng pagkain, ngunit laking gulat niya dinaanan lamang siya nito at ang unang binigyan ng pagkain ni Linda ay si Jun, at ito ay kumain na din kahit ito ay di nabigyan ng pagkain.

Lalakasan ni Ricardo boses niya kay Linda at tatanungin niya ito bakit di agad siya ang inunang bigyan ng pagkain, at bakit si Jun muna.

RICARDO
(Pagtataka)
Oh asan pagkain ko?

LINDA
(Iritable)
Kumuha ka para sa sarili mo…

Si Jun ay chill lamang, ngumingisi habang binibigyan siya ng pagkain. Kitang kita sa mukha ni Ricardo ang pagtataka at inis.

Dumiretso si Ricardo sa pagkuha ng pagkain at umupo sa kaniyang pwesto, kitang kita s mukha ni Ricardo na siya ay naiinis pero mas nilalamon ng kaniyang iniisip. Kakain ito ng dahan dahan na parang nawalan ng gana bigla habang kita sa mata nito ang pag ooverthink.

SEQUENCE 14

CUT:

INT. FRONT TAILOR SHOP - NIGHT (10pm)

Habang nagtratrabaho si Ricardo, biglang dadating mula sa likuran ni Ricardo si Jun na may dala dalang mga alak at chibog, mag aaya si Jun ng inuman at manood ng mga paborito nilang pelikula. Hindi haharap si Ricardo sa pangungulit ni Jun, habang ito ay nakatalikod at kinukulet ni Jun siya ay unti unti mapapangiti, nang asarin ni Jun na para siyang babae dahil sa kaniyang pagiging pakipot, ito ay magiging defensive at papayag sa inuman.

JUN
(Maangas na nangungulit)
Boss tagay na tayo

RICARDO
(Busy na bothered, may iniisip)

Magpapaalam si Linda sa dalawa na ito ay uuwi na ngunit halata na may pinapaboran ito. Titingin at ngingiti muna ito kay Jun sabay mapapatingin kay Ricardo at sisimangot.

LINDA
(Masaya biglang parang walang pake)
Uwi na ako Jun ah. Uwi na ko.

Tatango si Jun kay Linda, at babalik kay Ricardo upang mangulit ito.

JUN

(Nangungulet na nang aasar)
Susss yaw pa… bumili pa naman ako alak at chibog naten…

Hindi pa din papansinin ito ni Ricardo ngunit, bigla niya papansinin si Jun nang sabihin nito na.

JUN
(Nangungulet na nang aasar)
Arte boss ah, parang babae lang

RICARDO
(Defensive sabay tawa)
Gago ka ah…HAHAHA

Sabay tawa ang dalawa.

RICARDO
(Nagtataka na natutuwa)
Dami mong pera ngayon ah… baka wala na matira sa sahod mo niyan.

Seset upan ni Jun ang inuman at pagnood nila. Habang nag iinuman ang dalawa, makikita na si Jun lamang ang tumatawa at nag sasaya, habang si Ricardo may iniisip at mapapatingin kay Jun na may alinlangan.

Makikita sa itsura ni Ricardo na may bumabagabag sa kaniya.

CUT TO:

SHOW FREEZE FRAME JUMP CUT CLIP NG MANNEQUIN NA NAG HAHALIKAN AT MAY GINAGAWANG INTIMATE.

CUT BACK sa reaksiyon ni Ricardo na may iniisip.

Bigla tumayo si Ricardo at umalis sa kaniyang upuan upang lumabas, mapapatingin si Jun kay Ricardo ngunit tuloy ito sa pag inom at pag nood.

SEQUENCE 15

EXT. OUTSIDE THE SHOP - DAWN(6:20AM)

SHOT. Full wide shot Susundan si Ricardo ng Camera

Uuwing lasing si Ricardo, habang ito ay may chikinini sa leeg. Habang naglalakad si Ricardo sa kalsada kakanta ito.

RICARDO
(Lasing)
Teeeen tenenenen…
Ten tenenenenen…
Bom bom bom bom
Bom bom bom bom…

INT FRONT SHOP, MANILA MIDNIGHT
Papasok siya ng shop, bago siya pumasok mapapansin niya na nakatanggal ang padlock ng shop, habang hinahanap niya ang susi para sa door knob ng pinto ng shop, mapapatigil siya bigla sa kaniyang pagkanta at pagkilos ng may maririnig siya na boses ng isang lalaki at babae na para bang naglalandian.

RICARDO
(Lasing)
Hindi, ako isang laruan
Na kong ayaw mo na’y iyong papalitan
Matapos angkini…

LINDA (O.S)
(Hagikgik na kinikilig na mediyo seductive)
Ano baaa,baka biglang dumating yon

JUN (O.S)
(Seductive na mediyo nambobola)
Okay lang yan, pakipot ka pa, eh ikaw nga etong bumalik pa para lang makita ako.

LINDA (O.S)
(Seductive na maharot tono)
Ehhhh.. hehe

JUN (O.S)
(Napahagikgik onti at parang proud)
Tignan mo…

CUT:

INT. FRONT TAILOR SHOP - MORNING (6:40AM)

Bubuksan niya ng biglaan ang pinto, makikita niya si Linda at Jun naglalandian at malapit na maghalikan.

Sisigaw sa galit si Ricardo, tatanungin sila Linda at Jun anong ginagawa nila.

RICARDO
(Gigil sa galit, sisigaw ng sobrang lakas)
PUTANGINA ANO TO?! ANG SASAHOL NIYO!

Mapapatigil ang dalawa sa kanilang ginagawa, magkakatitigan din sila ng ilang segundo sabay.

LINDA
(Confident)
Oh? Ano pa ba sa tingin mo…

Si Linda ay aamin na lamang sa nangyayare sa “meron” sila ni Jun.

Pagkatapos umamin ni Linda, hindi makapaniwala si Ricardo sa kaniyang narinig, manlalaki mata nito at maninigas na lamang.Kwekwestiyonin ni Ricardo ang ginagawa ni Jun, sabay sasagot si Linda na parang ito ay nahihipokritohan sa kaniya, maiinis ito at maluluha na lamang.

RICARDO (O.S)
(Gigil)
Tangina Jun, asawa ko yan eh!

LINDA
(Confident na nahihipokritohan pero masasaktan pa din)
Asawa? Eh tinuturing mo lang naman akong asawa kapag may kailangan ka saken, kapag napapakinabangan mo ako…tiyaka tangina hindi ako isang laruan na bibigyan mo lang ng atensiyon pag gusto mo, gago!

Habang si Jun ay kalmado lamang, ito ay hahawi sa kaniyang buhok at kukuha ng sigarilyo sa kaniyang bulsa. Siya ay tatanungin ni Ricardo, si Jun ay ngingiti pa at para bang nakikipagbiruan, sasabihin niya sa harap harapan ni Linda na…

JUN (O.S)
(Kalmado na defensive)

Wag ka mag alala ser, wala naman meron samen neto ni Ma’am onting halikan at landian lang…

Mapapatingin si Ricardo ng masama kay Jun, si Linda magtataka na bat ito nasabi ni Jun.

RICARDO (O.S)
(Gigil)
Putanginamo anong onti?!

Magsisigaw sigaw si Ricardo at mag wawala sa kwarto, ibabato niya ang mga gamit, katulad ng box na may tela at plastic na may tela, pati na rin ang mannequin na lalake na may coat na sira sira ay kaniyang itutumba at masisira ang ibang lagayan ng mga gamit dito. Makikita sa frame na si Ricardo ay nagwawala habang ang dalawa ay, nakatayo lang.

Sasabihin bigla ni Jun kay Linda na…

JUN
(Kalmado na defensive)
Sensiya ka na ma’am ah, laking tulong din kasi ng mga pag aabot mo… trabaho lang… walang personalan.

si Linda ay di makapaniwala sa narinig niya, matutulala at maiiyak ito sa sakit, sa sobrang sakit nito kay Linda siya ay mapapa walk out na lamang. Bago ito mag walk out may sasabihin ito sa dalawa. Habang may sinasabi ito sa dalawa, kalmado si Jun at parang may kinukuha sa kaniyang bulsa, sigarilyo niya at lighter.

LINDA
(Nanginginig sa galit na maluluha na hindi makapaniwala)
Grabe kayo…

RICARDO
(Defensive)
Linda, wala akong alam dito

Sa sobrang gigil ni Linda, maiiyak na lamang ito.

LINDA
(Gigil na naiiyak)

Alam ko! wala din ako pake, katiting pa lang tong kasalanan ko sayo sa mga pang tatarantado mo saken Ricardo.

Si Ricardo matatahimik…

Aalis na si Linda.

Mapapatingin si Jun kay Linda, pero ito ay parang imomock pa si Linda (scoff). Sabay balik ito sa kaniyang sigarilyo na kaniyang sisindihan na habang bumubulong ng…

JUN
(Confident na nang iinvalidate tas parang makikipagbiruan pa)
Iyakin ampota… parang ayun lang… sabagay… babae kasi no?

Si Ricardo humihinga lamang ng mabilis at nakatingin sa baba, habang si Jun ay magsisindi na ng sigarilyo, biglang titingin si Ricardo kay Jun ng masama at susugurin niya ito.

SEQUENCE 16

CUT:

INT. FRONT TAILOR SHOP - MORNING (6:50AM - 7:00AM)

Pag sapak ni Ricardo kay Jun, mababangga ito sa mga gamit sa shop, nasuntok sa mukha si Jun, ngunit imbis na magulat at matakot si Jun ay tumayo agad para bumawi kay Ricardo.

Susugodin pabalik ni Jun si Ricardo, sa maliit na shop natuloy ang away ni Ricardo at Jun, iba’t ibang gamit sa shop ang matutumba at masisira dahil sa suntukan ng dalawa. Mga box na may tela, plastik na may tela, mga gown, at coat ay magtutumbahan.
Susugod pabalik si Jun at mapapatumba si Ricardo, dito niya masusuntok nang masusuntok si Ricardo.

Habang sinasapak ni Jun si Ricardo kita na parang wala ng lakas si Ricardo para bumawi, duguan ang bibig at ilong nito ni Ricardo habang ito ay nakatingin kay Jun.

Si Jun ay mapapatigil sa pagsuntok kahit ito ay gigil, dahil ito ay maaawa at maaalala ang kanilang pinagsamahan.

Susubukan ni Ricardo na tumayo at mapapahawak ito sa isang gown na nakakabit sa mannequin, na magiging rason ng pagbagsak ng gown kay Ricardo. Pagbagsak sa kaniya nito siya ay mapapatanong kay Jun na..

RICARDO
(Disbelief na natatakot)
Paano mo nagawa saken to?!

Si Ricardo na nakasandal habang nakaupo sa sahig na balot ng gown at mga tela, lalakad patalikod si Jun at magsisindi ng yosi, ito ay titingin sa kaniya ng pababa habang humihipak at sasagot ito ng…

JUN
(Kalmado na mediyo nagbibiro pa)
eh akala ko ba tumikim ng iba’t ibang putahe.
Tinikman ko lang din yung sayo…

Insert shot level 4 sira sirang coat na nasa mannequin na lalake.

Jun long pause, Ricardo tulala, sabay salita si Jun ng galit na naiirita habang kinukuha niya ang jacket ni Ricardo na nakapatong sa tahian ni Ricardo at susuotin niya ito.

JUN
(Kalmado na confident, pero gigil)
Tiyaka wag kang magsanto santuhan diyan putangina ka, gawain mo din to naman to…

Natutulala na lang bigla si Ricardo pagkatapos marinig to, dahil napagtanto niya na bumalik sa kanya ang mga bagay na ginagawa niya sa asawa at tinuturo niya kay Jun. Maluluha na lamang bigla si Ricardo.

Iiwan siya ni Jun sa shop.

Aabutan ng sikat ng araw si Ricardo.

Makikita sa foreground last frame ang lalakeng mannequin na may coat na sira sira na/bulok na.

Play score

Camera from close up dolly out lalayo unti unti e emphasize na nag iisa na lang siya, at talo siya.

DIP TO BLACK.

TITLE: TOGA SA METRO

END. INSERT QUOTE

TOGA SA METRO production behind the scenes photos

1/60
F4.0
ISO 800

Cardo's
TAILORING
DRESS
SHOP
OPEN